


# DAGITAB

2024

# DAGITAB
2024

Rebolusyonaryong Lathalaing Pampanitikan ng Artista
at Manunulat ng Sambayanan-Timog Katagalugan (ARMAS-TK)




*Walang Pamagat*

*Inilalarawan ng pabalat ang magiting na paglaban ng rebolusyonaryong mamamayang Pilipino sa imperyalismong US sa paglulunsad ng digmang bayan. Ang dibuho ay nilikha ni Ka Jo ng Pulang Bandila – Eduardo Dagli Command – NPA Batangas.*

# NILALAMAN

**Paunang Salita** 7
**Pambungad** 11
**Editoryal** 14

SANAYSAY

**Mula teatro ng sining tungong teatro ng digma** ni V. Sanggangbayan 21
**Talunin mo ang bangin** ni Ka Ayesha 28
**Daluyong ng sambayanan** ni Ka Anel 33
**Paglaban ng Madegdeg sa mga gahaman** ni Ka Dessa 35

TULA

**Napaluha si Inay** ni Ka Pleni 39
**Isakdal ang maylikha** ni RA Santiago 44
**Tangis ng kalikasan** ni Teresa Dioquino 45
**Pagbabayarin kita, imperyalismo** ni Ka Pleni 48
**Ating paglalayo ay dulot nila** ni Ka Matter 50
**Tuwing gabi** ni Ka Anel 52
**Abril 22** ni Marlon Torres 54
**Para kanino ka, Palawan?** ni Ka Pleni 57
**Panawagan** ni Ka Rosie 59
**Gera** ni Ka Pleni 61
**Sa pangalan ni Jesus** ni Ka Ellah 64
**Anak** ni Ka Pinsel 66
**Sino ang dapat sisihin?** ni Ka Naro 68
**Maskara** ni Ka Wendy 69

BALAGTASAN

**Rebolusyon ba'y magtatagumpay?** ni Ka Pleni 73

SA ALAALA NG MGA REBOLUSYONARYONG MARTIR

**Elehiya sa mga dakilang martir ng rebolusyon** ni Ka Rosie 85
**Muling babangon at lalaban** ni Leo Amarillo 87
**Katuparan at kaganapan** ni Ka Rosie 88
**Babaeng katutubo** ni Ka Anel 90
**Kasamang Ron** ni Ka Pinsel 93

**Ka Honda** ni Ka Rosie 95
**Ipapakilala kita, Ka Mamay** ni Ka Pleni 96

AWIT

**Paglaban, paglaya** ng ARMAS-TK 99
**Rebolusyon ay isulong** ni Ka Gab at ARMAS-TK 101
**Bungkalan** ni Eduardo Labrador 105
**Tayo ang Bagong Hukbong Bayan** ni Ka Jo 107

SINING BISWAL

**Sining biswal** ni Ka Mal 27
**Sining biswal** ni Ka Jo 32
**Hulugan mo ako ng sundang** ni RA Santiago 53
**Sa kaingin ni Bapa** ni Ka Pleni 60
**Buhay gerilya** ni RA Santiago 63
**Lakbay ng hukbong bayan** ni RA Santiago 71
**Sining biswal** ni Ka Mal 83
**Woman warrior** ni RA Santiago 92
**Sining biswal** ni Ka Ikang 104
**Maligayang pagdating!** ni RA Santiago 110

LIHAM

**Mula kay S** 112
**Mula kay Ka Pipino** 115

**Pasasalamat** 121

# PAUNANG SALITA

ni Marco L. Valbuena, Punong upisyal pang-impormasyon
Partido Komunista ng Pilipinas

Hindi maikakaila ang malalim na kabuluhan ng DAGITAB 2024 na may temang ***"Imperyalismong US: Tigreng Papel, Labanan, Ibagsak!"*** Nag-aalab ang mga pahina nito sa nag-aalimpuyong damdaming makabayan ng sambayanang Pilipino. Marapat lamang na basahin ito ng lahat ng nagmamahal sa kalayaan at demokrasya, at lahat ng naghahangad ng masagana at mapayapang kinabukasan para sa mga kabataang Pilipino.

Ang nag-aalab na makabayang hangarin ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino ay iniluwal ng labis na pagkasuklam sa mahigit isang siglong paghahari ng imperyalismong US na hatid ay walang katapusang pagdurusa at paghihirap. Marahas na inagaw ng imperyalismong US ang noo'y bagong tamong kalayaan, at marahas pa ring ipinagkakait ito sa bayan, gamit ang papet na estado at mga tau-tauhan na kanilang sinanay at inarmasan. Sa ilalim ng paghahari-harian ng imperyalismong US, walang sukat ang pangangamkam at pandarambong ng mga kumpanyang multinasyunal sa yaman ng bansa, ang pagsasamantala at pang-aapi sa masang manggagawa at magsasaka, at ang armadong pagsaklot sa lupain at karagatan ng mga pwersang sandatahang Amerikano.

Sa loob ng mahigit isandaang taon, tinangka ng imperyalismong US na puksain ang patriyotikong diwa ng mga Pilipino sa pamamagitan ng paghubog ng kolonyal na kamalayan. Kasabay ng halos dalawang dekada ng marahas na pagsugpo sa armado at hindi armadong paglaban ng mga Pilipino simula 1898, ipinataw ng kolonyalismong US ang mga batas at patakaran para supilin ang diwang makabayan at rebolusyonaryo ng mamamayang Pilipino. Ipinataw ang batas kontra sedisyon at ang batas sa pagbabawal na iladlad ang bandila ng Pilipinas at iba pang simbolo ng kalayaan ng bansa.

Kasabay nito, ginamit ng imperyalismong US ang edukasyon para burahin sa isip ng lahat ng Pilipino ang paghahangad para sa kalayaan at ang diwa ng pakikipaglaban. Ang unang grupo ng 540 gurong Thomasites na dumating noong 1901 ay sinundan ng ilanlibong mga gurong

Amerikano sa sumunod na dekada. Agresibong itinulak ang pagtuturo ng wikang English, pati na ang mga maka-Amerikanong kaugalian at pananaw. Itinanim sa isip ng mga Pilipino ang paniniwalang wala nang ibang landas para sa bansa kundi ang landas ng pagpapailalim sa dayuhang kapangyarihan. Para patayin ang rebolusyonaryong diwa ng mga Pilipino, inilarawan ng kolonyalismong US ang mga Katipunero bilang mga insurekto at bandido, at itinaguyod ang "katanggap-tanggap" na repormistang klase ng nasyunalismo ni Jose Rizal.

Sa kabila ng paggamit ng armado at pangkulturang panunupil, nabigo ang kolonyal na gubyernong US na lubos na sugpuin ang makabayang diwa at paghahangad ng sambayanang Pilipino para sa kalayaan. Sa maaagang yugto pa lamang ng kolonyal na paghahari, lumitaw na ang iba't ibang anyo ng pangkulturang ekspresyon ng patriyotikong paghahangad ng bayan para sa kalayaan mula sa pananakop ng US. Nakakubli itong dumaloy sa mga tradisyunal at popular na anyo ng mga palabas sa teatro tulad ng mga dula at sarswela, gaya ng ***"Walang Sugat" noong 1902*** ni ***Severino Reyes*** at ***"Kahapon, Ngayon at Bukas" noong 1903*** ni ***Aurelio Tolentino,*** na pawang gumamit ng iba't ibang mga simbolo para ikutan ang mga pagbabawal at paghihigpit.

Naging popular ding anyo ng pangkulturang ekspresyon ng hangaring anti-kolonyal ang balagtasan, na nagmula sa duplo, isang anyo ng dramatiko debate na patula. Pinasimulan ni ***Jose Corazon de Jesus*** ang balagtasan bilang pagparangal sa makatang si ***Francisco Balagtas.*** Nakilala si de Jesus bilang si Huseng Batute na gumamit ng balagtasan para ihayag ang hangarin ng bayan para sa kalayaan.

Si Huseng Batute din ang sumulat ng awiting ***Bayan Ko (1929)*** na nilapatan ng musika ni ***Constancio de Guzman.*** Ang awiting ito, na kinakanta hanggang sa kasalukuyan, ay naging pambansang himig ng nasyunalismong Pilipino. Isa itong kundiman, isang popular na anyo ng musikang Pilipino na kinatatangian ng madadamdaming himig at mga titik na puno ng emosyon at mga lunggati, na nagsilbi ring daluyan ng hangaring makabayan at pagbatikos sa paghaharing kolonyal.

Nakilala bilang Reyna ng Kundiman si ***Atang dela Rama,*** na nag-ambag nang malaki sa pagpapalaganap ng diwang makabayan at

hangarin para sa kalayaan. Katuwang niya ang kanyang asawa na si *Gat Amado V. Hernandez* sa mga makabayang pakikibaka ng masang anakpawis. Isa rin kilalang makabayang makata si Gat Amado na sumulat ng *"Kung tuyo na ang luha mo, aking bayan,"* tulang kilala pa rin ng kasalukuyang salinlahi ng mga rebolusyonaryo.

Ang mga obrang likha ng mga makabayang manunulat, manunula, manunudla at iba pang alagad ng sining ay umusbong sa gitna ng maigting na pakikibaka ng sambayanan sa sandahatan at iba pang larangan ng paglaban sa kolonyal na paghahari ng US. Nagsilbi itong salamin ng diwa at determinasyon ng mga Pilipino na ipagpatuloy ang rebolusyonaryong paglaban para sa kalayaan na sinimulan ng Katipunan. Liban sa nagpatuloy nang ilang taon pa ang armadong pakikibaka, lumakas din ang mga pakikibakang masa ng mga manggagawa at magsasaka, at nakita ang mga dambuhalang demonstrasyong sumisigaw ng "Kamatayan sa imperyalismo!"

Ang mga inilahad sa itaas ay ilang pirasong hiyas lamang ng mayamang pamana ng makabayang sining at panitikan na iniwan ng mga unang salinlahi ng mga Pilipinong nagpatuloy ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan. Nagpatuloy ang pamana na ito sa panahon ng rebolusyonaryong paglaban na pinamunuan ng Partido Komunista simula noong 1930 sa paglaban sa kolonyalismong US at pananakop ng Japan noong 1942-1945, at ilang taong paglaban sa neokolonyal na estado hanggang 1946-1954.

Lalong yumabong ang makabayan na sining at panitikan ng mamamayang Pilipino sa muling pagsigla ng makabayan at demokratikong kilusan ng sambayanang Pilipino noong dekada 1960. Mula noong itatag ang Kabataang Makabayan noong 1964, muling itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas noong 1968, at simulan ang digmang bayan sa pagtatatag ng Bagong Hukbong Bayan noong 1969, tuluy-tuloy na sumulong at lumaganap ang pambansa demokratikong kilusan sa kultura. Ang mga likhang obra ng sining at literatura na sumibol sa landas ng mga pakikibakang masa at sandatahang rebolusyon ay bumubuo ng isang hindi napipigtas na sinulid na nagdugtong sa mayamang pamana ng anti-kolonyal na kilusang pangkultura, at humabi ng makabayan at bagong demokratikong kultura.

Dumaloy sa mga likhang-sining na ito ang masidhing paghahangad ng taumbayan na lumaya mula sa pang-aapi at pagsasamantala at mabuhay sa isang tunay na malayang bansa. Binuksan ng pambansa-demokratikong kilusan ang larangan ng kultura sa karaniwang mamamayan. Laksa-laksang mga awit, tula, dula, balagtasan, sanaysay at iba't ibang anyo ng sining ang nalikha sa malawakang paglahok sa pangmasang kilusang pangkultura ng milyong manggagawa at magsasaka, mga katutubo at maralita sa kalunsuran, katuwang ang mga petiburges na intelektwal at iba pang demokratikong sektor na naabot ng masaklaw na panawagan para sa pambansang demokrasya. Marami dito ang inilimbag sa mga pangkulturang antolohiya o dyurnal sa iba't ibang dako ng bansa. Higit na mas marami pa ang naiwang nakasulat lamang sa mga palara o pirasong papel o nakaukit sa isip ng mga bagong makata o mang-aawit ng bayan.

Ang paglalathala ngayon ng DAGITAB 2024 na may temang anti-imperyalista ay bahagi ng mahabang kasaysayan ng makabayang panitikan at pangkulturang pagpapahayag sa Pilipinas. Bahagi ito ng patuloy na paghahabi ng sambayanang nakikibaka ng bagong kulturang nagtatanghal ng adhikain para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Isa itong malaking ambag sa pagsusulong ng rebolusyong pangkultura laban sa imperyalismo.

Ang bagong mga tula, balagtasan, awit, liham at sanaysay na nakalimbag sa mga pahina ng DAGITAB 2024 ay bahagi ng mayamang tradisyon ng makabayang kulturang Pilipino. Subalit higit dito, ipinakikita ng mga ito ang determinasyon ng kasalukuyang salinlahi ng mga rebolusyonaryo na ipagpatuloy ang dakilang pakikibaka para ipihit ang takbo ng kasaysayan ng bansa tungo sa bagong kabanata ng bagong pag-asa. D

# PAMBUNGAD

## MULA SA PATNUGUTAN NG DAGITAB

Inihahandog ng patnugutan ng DAGITAB 2024 ang 46 obrang tumutugon sa tema ng edisyon na ito na *"Imperyalismo: Tigreng papel, labanan, ibagsak!"*. Binubuo ang koleksyon ng 29 akdang pampanitikan, 4 awit at 13 sining biswal mula sa higit sandosenang manunulat at artista sa rehiyong TK. Ikinararangal ng DAGITAB na maging tahanan ng mga likhang sining na ito na produkto ng personal at kolektibong karanasan sa pakikibaka at pakikihamok sa imperyalismo at pagsusulong ng rebolusyong pangkultura sa kasalukuyang panahon.

Lahat ng mga nagsumite ng kanilang ambag ay mga rebolusyonaryong pwersa kaya't matalas ang lenteng gamit sa pagsipat sa kinaiiralang yugto ng imperyalismo. Hindi natatapos ang kanilang mga likha sa simpleng paglalahad ng pang-aapi ng imperyalismo sa mamamayan ng daigdig. Lagi't lagi itong naghahanap ng kalutasan at nagpapatanaw sa pag-abot sa isang mas maaliwalas na bukas kung saan lumipas na ang bulok at parasitikong yugto ng imperyalismo.

Sinasalamin ng mga obra sa DAGITAB 2024 kung paano naeengkwentro ng mga awtor, pintor o mang-aawit ang imperyalismo sa kani-kanilang buhay pakikibaka at kung paano nila nakikita ang hagupit nito sa masang anakpawis. Maiksi man, sapat na inilalahad ng sanaysay na *Daluyong ng sambayanan* ni *Ka Anel* ang bantang dala ng imperyalismo sa mamamalakaya. Mayroon namang mga piyesang sumisilip sa karanasan ng mga partikular na sektor, tulad ng isang maralitang pamilyang inilubog sa karalitaan sa tulang *Napaluha si Inay* ni *Ka Pleni*; isang magsasakang namanatang lalabanan ang mangangamkam na imperyalismo sa *Pagbabayarin kita, imperyalismo* ni *Ka Pleni*; at isang mananampalatayang idinadaing sa kanyang Diyos ang pagdiyus-diyosan ng iilan sa bersong *Sa pangalan ni Jesus* ni *Ka Ellah.* Tampok naman sa *Anak* ni *Ka Pinsel* at *Ating paglalayo ay dulot nila* ni *Ka Matter* ang kwento ng mga inang nais ipaunawa sa kanilang anak ang kanilang pasya at sakripisyong makibaka sa halip na personal na makapiling sila. Ipinapahayag naman ng *Maskara* ni *Ka Wendy* ang pangwawasak ng mga neoliberal na proyekto sa tahanan ng mga Mangyan at ang pagkamulat nila bunsod nito.

Patunay na ang usaping pang-kalikasan ay isa sa pinakamaiinit sa usapin ng kasalukuyang henerasyon, nagkakailang obra ang pumapaksa sa pandarambong sa kalikasan ng imperyalismo at ang resultang kalamidad nito na dagdag pasakit sa mamamayan. Matutunghayan ito sa *Isakdal ang maylikha* ni *RA Santiago*, *Sino ang dapat sisihin?* ni *Ka Naro, Tangis ng kalikasan* ni *Teresa Dioquino* at kahit sa sanaysay na *Talunin mo ang bangin* ni *Ka Ayesha*. Ang tulang *Para kanino ka, Palawan?* ni *Ka Maiseg* ay tumatalunton sa parehong tema ng pandarambong na partikular sa napakaganda kaya't pinagnanasaang isla. Ipinapakita ng sanaysay na *Paglaban ng Madegdeg sa mga gahaman* ni *Ka Dessa* ang punto de bista ng mga katutubo sa pagpasok ng mapangwasak na pagmimina.

Hindi sapat na himay-himayin ang mga praktikal na karanasang iniuugnay sa imperyalismo—dapat itong itaas sa teoretikal na pag-unawa upang lubusang makilala ang kaibuturan. Sa ganitong diwa isiniwalat ng tulang *Gera* ni *Ka Pleni* ang mapandigmang katangian ng imperyalismo habang inialay ang *Abril 22* ni *Marlon Torres* sa paham at dakilang gurong Komunista na nag-aral at higit na nagpakilala ng terminong imperyalismo, si Vladimir Lenin. Ang Balagtasan na *Rebolusyon ba'y magtatagumpay?* ni *Ka Pleni* ay palitan ng diskurso sa pagitan ng manggagawa at uring burgesya na nagpapatingkad sa kontradiksyon sa pagitan ng dalawang uri, na pangunahing kontradiksyon sa sistemang kapitalismo.

Tumitining ang pagiging makabayan at paglaban para sa pagpapalaya sa kurso ng anti-imperyalistang pakikibaka. Ito ang nilalaman ng awit na *Paglaban, Paglaya* ng *ARMAS-TK* at tulang *Panawagan* ni *Ka Rosie*, na pawang direktang nanghahamon sa mambabasa na kumilos para ibagsak ang mapang-aliping imperyalismo.

May lugar at mahalagang bahagi ng kabuuang anti-imperyalistang pakikibaka ng bansa at ng buong daigdig ang digmang bayan na inilulunsad ng mamamayang Pilipino sa pangunguna ng PKP-BHB-NDFP. Sa mga himig at letra ng mga awit na *Tayo ang Bagong Hukbong Bayan* ni *Ka Jo* at *Rebolusyon ay isulong* ni *Ka Gab* at *ARMAS-TK* at sa mga taludtod ng *Tuwing gabi* ni *Ka Anel* nakapaloob ang marubdob na mithiing paglaya. Tatatak naman ang awit na *Bungkalan* ni *Ka*

*Eduardo Labrador* bilang porma ng *counter-culture* ng magsasaka sa indibidwalista at gahaman-sa-tubong balangkas ng agrikultura ayon sa imperyalismo.  Ang odang sanaysay para kay Baby Jane "Ka Binhi" Orbe na ***Mula teatro ng sining tungong teatro ng digma*** ni ***V. Sanggangbayan*** ay eksposisyon ng paghulagpos ng isang kabataang intelektwal mula sa burges na kulturang sumasamba sa imperyalismo tungong pagiging rebolusyonaryo.

Sa mga liham, nahihinuha ang malalapit at malalalim na ugnayan sa pagitan ng mga rebolusyonaryo't demokratikong pwersang sama-samang tumatahak sa landas ng anti-imperyalistang pakikibaka. Ramdam ang tibay ng bigkis ng proletaryong internasyunalismo sa pagitan ni Ka Pipino at mga mahal na kasama at masa, habang punumpuno ng pag-aalala at tagubilin ang liham ni S para sa mga kasamang dumaraan sa matitinding pakikipagtunggali sa kaaway.

May kakanyahan ang bawat tulang kabilang sa bungkos para sa mga rebolusyonaryong martir, ngunit kumon sa lahat ang pagbubunyi sa isang dakilang buhay na inialay sa mataas na layunin ng pagtatagumpay ng rebolusyong Pilipino. Hitik sa paghanga at pagpupugay ang mga berso. Nag-iiwan ang bawat isa ng mensahe ng pagpapatuloy sa dakilang laban para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Kasama ng mga akda ang mga sining biswal na nagbigay hugis at kulay sa pakikibaka ng sambayanan laban sa imperyalismo. Ang ilan sa mga ito ay kinomisyon upang maging katambal ng ilang akda, habang ang iba ay mga hiwalay na imaheng may sariling tindig at mensahe para ganap na ilantad, labanan hanggang sa ibagsak ang imperyalismo.

# EDITORYAL

## Imperyalismong US: Tigreng papel Labanan, ibagsak!

Superyor at makapangyarihan sa unang tingin ang papet, pasista at tuta na rehimeng US-Marcos II. Kontrolado nito ang lahat ng rekurso sa paglulunsad ng gerang panunupil sa mamamayang naghahangad ng tunay na kalayaan at demokrasya. Sa lahat ng ito, ang US ang nasa likod ng pang-aapi at pagsasamantala sa masang Pilipino. Halimaw itong naghahasik ng lagim sa buong bansa dahil ang totoo'y nahihintakutan ito sa tunay na lakas at kakayahan ng rebolusyonaryong mamamayan.

Prinsipal na aspeto sa pananatili ng sistemang malakolonyal at malapyudal (MKMP) ng Pilipinas ang pagkontrol ng imperyalismong US sa larangan ng ekonomya, pulitika, militar, kultura at relasyong panlabas nito. Ito ang nagtakda ng pangkalahatang bihis ng pagsasamantala at pang-aapi ng naghaharing lokal na mga burukrata, malalaking burgesya kumprador (MBK) at panginoong maylupa (PML) sa sambayanang Pilipino.

Marahas na sinakop ng US ang Pilipinas at nagpatupad ng henosidyo sa lahing Pilipino na pumatay sa 1.5 milyong mamamayan. Mula noon, makaisang panig na nagpapataw ang US ng mapandambong at mapanupil na mga patakaran sa pamamagitan ng papet na reaksyunaryong Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at Armed Forces of the Philippines (AFP) upang huthutin ang mga hilaw na materyales at murang lakas-paggawa sa bansa. Tinatambakan nito ng sarplas na produkto ang Pilipinas at ginagawang bukas bilang *battleground* o bala sa kanyon anumang oras niya kailanganin sa pakikipag-agawan ng teritoryo sa iba pang bansang *superpower*. Upang mahawakan sa leeg, sadyang ibinaon ng US ang bansa sa utang nang agawin nito sa mamamayang Pilipino ang tagumpay ng Rebolusyong 1896 at nang wasakin pang lalo ang mga imprastruktura ng bansa matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kapalit nito ang di pantay na mga kasunduan sa ekonomya at tratadong militar na yumuyurak sa pambansang soberanya at kalayaan.

Sa ganito, isang malaking bugaw ang buong sistema ng GRP na ginagawang puta ang bayan sa pagbubuyangyang sa mga kabundukan, karagatan, pantalan at mga estratehikong pusisyon para gawing base militar. Malaya ang US at iba pang dayuhang alyado nito na maglagak ng dayuhang kapital sa bansa para sa mina, plantasyon, dam, reklamasyon at iba pa.  Bunga nito, naging pulubi sa sariling bayan ang mamamayang Pilipino.  Sa loob ng 126 taon sa ilalim ng imperyalismong US, nagpapatuloy ang napakahaba nang penitensya ng mamamayang Pilipino sa malawakang kahirapan, kagutuman, kaapihan, pasismo, paglabag sa karapatang tao at inhustisya.

Primaryang kasangkapan ng US ang AFP sa terorismo at pasismo sa buong bansa.  Mula pagkakatatag ng AFP na noo'y Philippine Constabulary, idinisenyo ito upang protektahan ang interes ng US at mga tuta nitong naghaharing uri.  Direktang kontrol ng US ang mga mersenaryong anti-komunistang heneral at hepe na nagsasakatuparan ng mga imbing pakana ng una sa mukha ng mga oplan kontra-mamamayan sa ilalim ng *counter-insurgency guide.*  Halang ang bituka, sinasagasaan nito ang alinmang karapatang tao upang tupdin ang atas ng imperyalistang amo.  Kung kaya't ang inilulunsad na digma laban sa US ay kinakailangang digma laban sa AFP.

Sa paghawak sa mga aparato ng estado, sistematikong ipinalaganap ng US ang burges, dekadente at pyudal na kultura mula nang mamayagpag sa bansa.  Pinanatili nito ang simbahang Katoliko na pamana ng higit 300 taong kolonyalismong Spain upang magsilbing opyo na tagapaghele ng karaingan ng mamamayan.  Kakabit nito ang pangakong "langit" para sa mahihirap na matiisin, di marunong magalit at di makasalanan—sa esensya'y pagpapakaalipin at pagpapakabusabos ng masang anakpawis sa mga naghaharing MBK at PML.

Binobomba ng US ang mga radyo at telebisyon ng makamundo at indibidwalistang kaisipan.  Nilulunod nito ang mga eskwelahan, institusyon, masmidya, *internet* at iba pang daluyan ng Kanluraning edukasyon at kultura habang pinopopularisa sa taumbayan ang paimbabaw na pakahulugan ng pagiging "makabayan" sa bulag na pagsunod sa mga patakaran ng mapanupil na estado.  Kabilang din

dito ang pagpapalaganap ng "*Proud to be Pinoy*" na mga islogan sa walang kakwenta-kwentang banidosong pagpapasikat upang pakitirin ang kahulugan ng pagiging Pilipino. Sa islogang "Bagong bayani" rin pinababababaw at ikinakatwiran ang milyun-milyong paglalako ng reaksyunaryong gubyerno sa migranteng manggagawang Pilipino bilang murang lakas-paggawa sa iba't ibang lupalop ng mundo. Kasabay, ipinalalaganap ang post-modernismo, anarkismo, *gender radicalism*, *petty bourgeois revolutionism* at konsumerismo laluna sa kalunsuran na nagwawatak-watak at nagpapaampaw sa tunguhin ng galit at diskuntento ng sambayanan.

Sa kasalukuyan, nilulubos ng rehimeng US-Marcos II ang pamumudmod ng itim na propaganda, disimpormasyon at *historical revisionism* upang labusawin ang kasaysayan ng lipunan at rebolusyong Pilipino at linisin ang tigmak-sa-dugong pangalan ng mga Marcos. Lahat ng ito'y sistematikong inilatag ng US upang ilihis ang mamamayang Pilipino sa landas ng pakikibaka at manatiling malakolonya nito ang bansa. Hindi nito kakayaning bitiwan ang estratehikong pusisyon ng Pilipinas para sa gerang niluluto nito sa Asia Pacific. Nananatiling gera ang kahuli-hulihang sandigan ng imperyalismo sa panahon ng krisis. Ngayong nalulunod sa kumunoy ng nilikha niyang krisis, desperado ang US na manatiling numero unong bansang *superpower* sa ganap na pag-usbong ng kanyang mga karibal.

Ang walang lunas na krisis na dinaranas ng imperyalismo ang di maitatatwang katotohanan na kahihinatnan ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Magwawakas lamang ang mga ito sa kamatayan ng imperyalismo. Bunga ito ng walang kabusugang paghahangad ng supertubo ng monopolyong kapitalismo na nagreresulta sa anarkismo sa produksyon na nagluluwal ng krisis ng labis na produksyon. Parasitikong ganid ang imperyalismo na humuhuthot sa labis na halaga mula sa lakas-paggawa ng masang manggagawa. Habang binabarat ang sahod, lubos nitong pinalalaki ang agwat ng mayayaman at mahihirap. Kung gayon, lalong nababangkarote ang mga negosyo sa pagkawala ng kakayahang bumili ng masang anakpawis.

Pinakabaon sa krisis sa pinansya at mabilis na bumubulusok ang ekonomya ng US sa buong daigdig. Ang kolonya't malakolonya nito ang

higit na pinipiga para makaapuhap. Labis-labis nitong ipinapataw ang mga neoliberal na patakaran sa kapinsalaan ng mamamayan, kalikasan at maging ng kinabukasan ng susunod na salinlahi. Kung tutuusin, naghihingalo na ang ekonomya ng US na pilit na lamang isinasalba ng pamatay na maniobra ng neoliberalismo na ipinapataw ng US sa buong daigdig laluna sa mga kolonya at malakolonya nito.

Ang dating *unipolar* na kaayusan ay naging *multipolar* na sa pag-usbong ng China at Russia bilang mga bansang *superpower* na karibal ng US. Desperadong sumasandig ang US sa paglulunsad ng *proxy wars* sa Middle East, nang-uupat ng gerang agresyon sa Asya at iba pang panig ng mundo. Nagsisilbi ito sa pambubundat sa kanyang *military industrial complex* kasabay ng pagkokonsolida ng sariling bakuran upang mapanatili ang hegemonya habang inihahanda ang mga baseng militar sa mga estratehikong pusisyon sa mga rehiyon ng daigdig.

Ito ang obhetibong kalagayan na nagiging motibasyon ng aping mamamayan upang tumindig at lumahok sa armadong pakikibaka. Dito nakaangkla ang tema ng DAGITAB 2024 na nagtatanghal sa magiting na paglaban ng mamamayan sa imperyalismo at ang papet na gubyerno nito. Sumusulong ang pandaigdigang proletaryong rebolusyon sa gitna ng pangkalahatang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista na wala pang katulad sa kasaysayan.

Sa kabila ng walang habas na terorismong hatid ng imperyalismo, pursigido ang proletaryong kilusan na pabagsakin ang kapitalistang sistema at palitan ito ng sosyalismo—ang bisperas ng komunismo na papawi sa pagsasamantala ng uri sa uri at magbubunsod ng tunay na kalayaan, demokrasya at kasaganaan para sa lahat. Habang yumuyukod at nagpapatirapa ang rehimeng Marcos II sa imperyalismong US, maningning na tala sa gitna ng dilim ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na matapang na humaharap sa imperyalismo na nag-aarmas para labanan at ibagsak ito.

Pangunahing tangan ng PKP ang pagsusulong ng armadong pakikibaka sa pagpapalawak at pagpapalakas ng Bagong Hukbong Bayan bilang sandata ng sambayanan laban sa imperyalismo. Sa pagsusulong ng pakikibakang anti-imperyalista, pinalalawak nito ang


alyansa sa pamamagitan ng batayan ng alyansa ng manggagawa at magsasaka. Higit kailanman, lumilinaw ngayon sa sambayanang Pilipino ang kawastuhan ng pagtahak sa DRB na may sosyalistang perspektiba, na bahagi ng pandaigdigang rebolusyong proletaryo. Binubuklod nito sa malawak na anti-imperyalistang pakikibaka ang iba't ibang laban ng mamamayan para sa kanilang buhay, kabuhayan at karapatan. Sa esensya, ang laban ng mga magsasaka para sa lupa, ng manggagawa para sa nakabubuhay na sahod, ng mga kabataan para sa libre at de-kalidad na edukasyon, ng mga maralita para sa panirikan at kabuhayan, ng mga kababaihan at iba pang kasarian para sa pantay na pagtingin sa mga kasarian, ng pambansang minorya para sa pagpapasya-sa-sarili at lupaing ninuno at iba pang lehitimong karaingan ay bahagi ng paglaban sa imperyalismo.

Kailangang itaas ang antas ng digmang bayan dahil hindi kusang babagsak ang imperyalismo. Bagamat sinasabing tigreng papel, dominado pa rin ng imperyalismong US ang pandaigdigang sistemang kapitalista. Nanunuot ito sa himaymay ng nabubulok na sistemang panlipunan kaya't dapat na mulat na itakwil at labanan ito ng mamamayan. Pangunahing dapat na lumaban ang pinakamalawak na hanay ng masa dahil nasa yugto ng labis na paninibasib ang US na nasa likod ng panunupil ng rehimeng Marcos.

Dapat matalas na dalhin ang pambansa demokratikong linya ng PKP na nag-iiba sa iba pang mga mapagpanggap na partido sa pambansa at pandaigdigang entablado na umuusal ng "pagbabago" ngunit palasuko at makadayuhan sa kaibuturan. Nakikipagtagisan nang ngipin-sa-ngipin ang rebolusyonaryong kilusan hanggang sa tagumpay ng DRB. Nakikipagtulungan ang PKP sa iba pang mga mapagkaibigan, anti-imperyalistang kilusan at rebolusyonaryong partido upang buuin ang solidong lakas na bibigwas at dudurog sa imperyalismo.

Puspusang isulong ang rebolusyong pangkultura! Integral ang papel ng rebolusyong pangkultura sa pangkalahatang paglaban sa imperyalismo. Sa diwang ito, dapat pagyamanin ang sining at panitikan para magbigay inspirasyon at sigla sa paglulunsad ng digmang bayan.

Hindi madali ang mga liko't sikot ng rebolusyong pangkultura, ngunit sa pagsasagawa nito sa bawat partikular na yugto ng digma, tiyak ang pagsulong ng rebolusyon.  Hamon sa bawat rebolusyonaryo na kamtin ang mga rekisitos upang iangat ang antas ng digmang bayan.  Ang tagumpay ng rebolusyong Pilipino ang pangunahing ambag ng mga Pilipino para durugin ang tigreng papel na imperyalismo.



# Sanaysay

# Mula teatro ng sining tungong teatro ng digma

NI V. SANGGANGBAYAN

Ano pa nga ba ang pinakaklarong imahen na maglalarawan sa tinahak na landas ni Baby Jane – na naging Mayari, paglapat ng kanyang mga kamay sa puluhan ng armalayt? Kundi ang pamagat ng sanaysay na ito.

Artista sa entablado sana siya. O mahusay na direktor. Puwede ring *voice actress. Script writer. Film maker.* Makata. Mananayaw sa entablado. Kaliga niya malamang ang mga nagsulputang kabataang artista sa *indie film* at *performing arts* sa kasalukuyang panahon.

Nagtapos si Mayari ng kursong AB Theater Arts sa Polytechnic University of the Philippines sa Sta. Mesa, Manila. Ayon sa kanyang rebolusyonaryong talambuhay, naging miyembro siya ng Molave Theater Guild sa PUP habang Tagapangulo ng Molave Literary Guild sa mga taong 2015 at 2016.

Naging bahagi rin siya ng pagtatanghal na Virgin Labfest sa Cultural Center of the Philippines sa mga taong 2017 at 2018.

Ang mga ito ang naghasa sa kanyang talento sa entablado.

Pero ang tunay na nagpatalim kay Mayari ay ang pagpapamiyembro niya sa Sinagbayan, isang progresibong grupong pangkultura na nagsusulong ng pambansa demokratikong adhikain ng mamamayang Pilipino. Noong July 2015 – sumali siya sa isang dulang produksyon ng Sinagbayan at kalaunan ay naging mahalagang bahagi ng ***Daluyong – Isang Pahinumdom.*** Dula ito tungkol sa Supertyphoon Yolanda.

Pagkatapos ng Daluyong, kumuha ng mga kurso sa Pambansa Demokratikong Paaralan si Mayari at kalaunan ay nagsunud-sunod ang kanyang paglahok sa programang *basic masses integration.* Hindi na lamang sa entablado at *theater workshop* natututo si Mayari, bagkus ay natututo na siya sa praktikang panlipunan ng buhay-at-kamatayang pakikibaka ng sambayanang Pilipino.

Palasak, oo, pero talagang praktika at karanasan ang pinakamainam na titser – wala nang iba.

Noong Disyembre 2018, unang pagkakataon na pumasok si Mayari sa sonang gerilya para dumalo sa selebrasyon ng Golden Anniversary ng Communist Party of the Philippines. Kaagad niyang inalpasan ang gigil sa *cultural work* nang mapabilang siya sa komite na magbubuo ng mga kulturang pagtatanghal. Walang pag-aalinlangan, buo ang tiwala sa sariling kakayahan – namangha ang manonood sa husay ni Mayari na umarte at sumayaw.

Iyakin si Ka Mayari, mababaw ang luha. Noong bago siya umuwi at hingian ng pananalita, hindi niya halos matapos ang mga sinasabi sa pagitan ng iyak-singhot at pigil na kasiyahan.

Hindi iyon parte ng *acting prowess* ni Mayari, senyales iyon ng katapatan niya sa rebolusyong Pilipino at pangakong lalahok sa armadong pakikibaka sa malao't madali.

Pinili niya ang madaling panahon, pagsapit ng buwan ng Marso ng taong 2019 sinimulan niya ang armadong pag-aambag. Ang pagdating niya sa isang yunit ng Apolonio Mendoza Command sa lalawigan ng Quezon ay katulad ng eksenang para siyang nakasabit sa estribo ng pampasaherong *jeep*. Nang bahagyang magmenor ay sinabayan niya ng talon at takbo. *Hit the ground running,* ika nga.

Sa mga nakakakilala kay Mayari, batid nilang lampas sa isandaang porsyento ang enerhiya nito sa katawan. Hindi pa nga yata tapos ang *briefing* at *orientation* sa kanya ay naglilista na siya ng kakailanganing kagamitan para sa *theater workshop* na papangunahan niya.

Pitong pulang mandirigma ng NPA at apat na kasapi ng Kabataang Makabayan sa komunidad ng magsasaka ang kalahok sa *workshop*. Tatlo ang babae sa *participants*, ang isa ay katutubo. Ang walong lalake ay puro kabataang magbubukid. Lahat sila ay walang kaalaman sa sining, lalo na sa teatro.

Isang linggong singkad na matiyagang nagturo at kasabay na natuto si Mayari para sa kauna-unahang *grand performance* niya sa pulang entablado sa kanayunan. Siya ang nagbuo ng konsepto, nagsulat ng

iskrip at nagdirek ng naturang dula-sayaw. Pero maning-mani ito kay Ka Mayari. Kakambal niya ang kaalaman sa teatro. Ang nagpahirap at hamon sa kanya ay ang mga artistang kailangan niyang sanayin.

Katunayan, dalawang oras bago ang pagtatanghal lumisan-nang-walang paalam ang isa sa mga artista niya na siya pa man ding *main villain* sa dula. Wala namang ibang solusyon si Ka Mayari kundi ang mantrang *The Show Must Go On*.

Sabihin pa, naging tampok sa panrehiyong pagdiriwang ng ika-50 taon na pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan ang dula-sayaw na pinangunahan ni Ka Mayari.

Sa mga susunod na buwan, mare-*realize* ni Mayari na ang mga *cultural worker* sa loob ng New People's Army ay may mas malaking tungkulin bukod sa kanyang piniling sining. Magpapanibagong-hubog siya bilang opisyal pampulitika. Dalawang iskwad sa gawaing masa ang sinamahan ni Mayari sa buong 2019. Ang una ay sumabak sa gawaing reaktibasyon at ang ikalawa ay konsolidasyon ng mga Sangay ng Partido.

Nang sumunod na taon, naitalaga si Mayari na kalihim ng komiteng seksyon sa lokalidad.

Sa bawat baryong kinilusan ni Ka Mayari, lagi siyang may mga kabataan at nanay at tatay na natuturuan ng awit o nababahaginan ng kanyang mga kathang kuwento ng pakikibaka.

Sa loob ng yunit ng Hukbong Bayan, bukod sa pagiging giyang pampulitika, siya rin ang pamosteng tao ng Pulang Bandila, ang grupong pangkultura ng mga NPA.

Hindi mabilang ang akda niyang tula, maikling kuwento at sanaysay na naisulat habang nasa yunit ng Apolonio Mendoza Command. Ang ilan dito ay nalathala sa diyaryong Diklap at sa suplementaryong *literary journal* nito.

Tampok ang ***Paroroonan (Diklap No. 16 Agosto-Oktubre 2019)*** na naglalarawan sa kanyang karanasan sa panahon ng pagsisimula ng *focused military operations* ng pasistang sundalo sa ilalim ng kontra-rebolusyonaryong gera nito na kung tawagin ay JCP-Kapanatagan.

Mapapansin sa kanyang pagsusulat ng tula ang pagiging literal sa pakahulugan, ang kanyang malinaw na pagsasalaysay na parang idinodrowing ang mga pangyayari ang mahalagang elemento ng kanyang tula.

## Paroroonan

ni Ka Mayari

"Pasa handa!"
Madilim ang paligid
ngunit maliwanag na tulak ng adhikain

Malabo ang nilalakaran
pero malinaw ang patutunguhan.
Totoong mahirap maglakbay
sa gabing walang flashlight na nakaagapay

Subalit napangingibabawan
sa tuwing iisiping ang Partido ay nakagabay.

Hukbo man ay pagod, antok na o ngalay,

Tuloy pa rin ang mataas na diwang taglay.

Isang hilera, nakahawak sa *backpack* ng kasama

Ipinapailalim mga tinatagong pangamba
'Pagkat sa mga kapwa mandirigma'y lubos ang tiwala
Sumasandig sa masa - na isa sa mga sandata

tungo sa lipunang sosyalista.

"Malalim sa kaliwa, may bahay sa kanan."
Ipinapasa ang mensahe mula sa unahan.
"Lawad ang daan. Sighting! Bilisan!"
Walang ingay ang mga yapak na paang magtatakbuhan.

Ahon. Lusong.
Pahinga saglit at saka muling susulong.

Kapag umuulan at may lukaran, doon sisilong,
Kapag may masang malapit, sa bahay na may bubong.

At kapag hindi na kakayaning
sa destinasyon ay makarating,
ang magdamag ay doon na palilipasin.

Depensa'y babanggitin,

ibababa sa lahat sa *briefing*.

Kinabukasa'y lalakad na muli.

Sasalubungin init na kay sidhi

Ipagpapatuloy pagsuong sa gubat na lunti,

Magpupunla ng maraming binhi

Walang tigil,
hanggang masumpungan ang layang minimithi

May pagtatangkang di-kumbensyunal na paraan ng pagsusulat si Ka Mayari. Marahil ay ile-*label* ito sa burgis na akademya bilang *post-modern.* Kung nasa kasibulan ang *acting skills* ni Mayari, ang kanya namang pagsusulat ay sanggol pa na babagong natututong maglakad. Babago pa lamang nagmemetamorposis ang mga salitang lungsod na kinabihasnan niya para magbanyuhay sa lenggwahe ng masang magbubukid na kanyang pangunahing *audience*.

Mapapansin ito sa Tula/Monologue niyang ***Babae at Baril (Diklap Literary Journal, Hunyo 2023)*** at ***"Ang Masa ang Aming Superhero"*** (di- nalathala).

May laging maaalalang sanaysay na naisulat si Ka Mayari na kabilang sa Diklap *literary journal*. Ang ***"Kahandaan > Sangandaan"*** bagama't karaniwang paksain ng mga kabataang nagmula sa kalunsuran na tumungo sa kanayunan para lumahok sa armadong pakikibaka ay natatanging banggitin dahil sa pagiging tapat ng may-akda sa kanyang pinapaksang damdamin.

Si Ka Mayari ay may mahalagang papel sa pagkakabuo ng akdang *"Ano Ang Aming Kasalanan?"* na pinopularisa ng The Axel Pinpin Propaganda Machine sa isang MTV noong panahon ng pandemyang COVID-19. Ang nasabing piyesa ay resulta ng *brainstorming* ng Pulang Bandila na ikinomisyon sa isang makata para isulat. May *original recording* ang tula na si Ka Mayari ang isa sa bumibigkas.

Nagkakailan pa ang *performance pieces* na binuo ni Ka Mayari na hanggang ngayon ay patuloy na itinatanghal sa teatro ng digma ng mga yunit ng Apolonio Mendoza Command. Wala na itong kamatayan, imortal, kahit pa nagbuwis na ng buhay si Ka Mayari sa isang labanan noong madaling araw ng Disyembre 17, 2023 sa Balayan, Batangas.

Si Maria Lorena Barros, Racquel Aumentado, Kerima Tariman — ilan lamang sa makakahanay ni Mayari na babaeng artista ng bayan na pinili ang digmang bayan na inilulunsad ng CPP-NPA bilang tanghalan ng kanilang sining.

Sa pagkamartir ni Ka Mayari, naghihintay ang mga pulang entablado sa kanayunan para sa hahalili sa kanyang nabakanteng *role*, sa kanyang naiwang *director's chair,* sa kanyang nabitiwang baril. Maari nang mag-*apply* anumang oras ang sinuman. Batid na ninyo ang rekisitos sa *audition*. D



*watercolor*
Ka Mal

# Talunin mo ang bangin

NI KA AYESHA

900 milyon ang danyos ng tagtuyot sa agrikultura sa probinsya ng Occidental Mindoro. Dati nang umaaray ang mga magsasaka pero mas umaalingangaw ang hinagpis nila ngayon. Irigasyon ang panawagan nila.

Pumunta si BBM kasama ang mga gabinete sa agrikultura. Pautang ang dala na solusyon. *Soft loan* para sa mga magsasaka.

*Apathetic*. Walang pakialam. *Apolitical*. Ganito ako dati. Pero umabot ako sa isang *dead-end* na pinili kong talunin ang bangin. Dahil ang pagkahulog sa bangin ay lagusan patungo sa isang *undiscovered place*. Anong nadiskubre ko? Isang bagong sarili. Sarili na nakikibaka. Lumalahok para isulong ang kampanya ng masa, ng mga magsasaka sa partikular.

Matiisin. Namamaluktot sa kumot. Sanay sa hirap. Ito ang mga *values* na pilit ipinamumulat sa atin. Tila ba wala tayong ibang kapalaran kung di ang maghirap. *No choice.* Wala. Kamatayan lang ang kalayaan sa sumpa na ito.

Isang magsasaka sa San Jose, Occidental Mindoro ang nagbigti. Kinitil ang sariling buhay dahil sa labis na pagkalugi sa sibuyas dala ng tagtuyot. Lumaya ba siya?

Kung usapin lang ng pagtitiis, ehemplo ang mga magsasaka. *They have endured a lot.* Pero hindi pa ba ito sapat para lumaya sila tungo sa kaginhawahan? Mayaman ang Pilipinas. Pinagpala sa yamang-agrikultura. *Ironically,* ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), ikalawa ang magsasaka sa pinakamahirap na sektor sa bansa. Una ang mga mangingisda. Kataka-taka. Hindi ba? *A great irony.* Kung sino pa ang kumakayod para may makain ang sambayanan, sila ang walang makain.

Kapalaran? Kung sa konteksto ng relihiyon natin pag-uusapan; may diyos ba na lumikha ng tao para maging kapalaran nila ang kahirapan?

O baka naman meron ibang dahilan?  Mas kongkreto.  Mas lapat sa lupa.

Ang imperyalismo.

Akala natin mahirap intindihin ang imperyalismo.  Ang totoo ayaw lang natin paniwalaan ang isang kapani-paniwala sa ating paligid. Nagbibingi-bingihan tayo.  Nagbubulag-bulagan.  Kahit pa ang lahat ng mga manipestasyon ay nasa ating harapan na.  Totoo ito.  Mahirap pasubalian.  Isang *objective reality,* salot ang imperyalismo!

Bakit kamo?

Ilang dekada nang pinapasan ng mga magsasaka sa Occidental Mindoro ang hagupit ng importasyon na lubhang nagpaliit ng kanilang kita.  Dagdag pa sa hapdi ng koronang-tinik ang El Nino.

Ayon sa balita, Top 1 ang Pilipinas bilang *rice importer* sa buong mundo.

Uli, isang *great irony* at *travesty*.

Nakilala ko si Tatay Efren sa isang *climate change forum.* Mukhang 50 anyos, ang totoo 72 na siya.  Pitong dekada nang nabubuhay sa atrasadong kalagayan ng mga magsasaka.  Tahimik sa isang sulok.  Tila ba sumuko na sa kaniyang abang kalagayan.  Ayaw nang umimik.  *What for?*  Nagulat ang lahat nang magsalita siya.

"Dayuhan ang may dala ng mga pestisidyo.  Pestisidyo na patuloy na lumalason sa ating sakahan.  Pestisidyo na paulit-ulit inilalako sa atin ng mga dayuhan.  Pinagkakakitaan tayo nang harap-harapan, habang patuloy tayong nagluluksa sa kagutuman."

Mahina na ang boses ni Tatay Efren pero nakakabingi ang mensahe ng kaniyang mga salita.

Tumingin sa malayo si Tatay Efren. May hinalungkat sa kaniyang alaala.

"Gusto ko nang malimutan ang trahedya. Matagal ng patay ang mga tao. Kailangan na nila ng *eternal* na katahimikan. Kapayapaan. Subalit buhay pa rin ang bangungot sa aking gunita. Animnapu sila. Bata, babae, lalaki, pami-pamilya sila. Nagsumiksik sa kongkretong bahay. Malakas noon ang ulan. Pero walang bagyo. Matibay ang bahay. Kaisa-isang yari sa bato noon. Walang abiso ang sandali. Wala man lang babala. Rumagasa ang malakas na tubig mula sa bundok. Nagngingitngit ang ilog Caguray. Inanod ang buong kongkretong-bahay. Parang damong binunot sa lupa. Naglaho sila sa ragasa kasama ang mga tikom na palahaw."

*Illegal logging.* Ito ang salarin sa pagbaha. Amerikano ang may hawak ng malaking *logging concessions* sa Occidental Mindoro mula noon pa. Sila ang dapat isakdal sa mabilis na pagkakalbo ng ating kagubatan.

Ilang beses na ba tayong kumaharap sa trahedya dala ng kalikasan? Ilan ba sa atin ang natuto? Nagising sa katotohanan na malala na ang pagbabago sa klima ng daigdig. Hindi na maaawat. Hindi na mapipigilan.

Batay sa *report* ng mga *scientists*: labis na produksyon ang dahilan nang mabilis na *climate change*. Produksyon mula sa mga imperyalistang bansa.

*"If we don't slow down over production, the world is racing to its end."*

Sabi nga ng paham na si Chomsky.

Mahina na si Tatay Efren. Wala nang pisikal na kakayanan para lumaban. Mahina na nga ang pandinig. Pero nakinig siya sa likod ng mga ingay.

"Ang El Nino, ang mabilis na pagbabago at pagkasira ng daigdig dahil sa *climate change*, lahat ng ito ay dala ng imperyalismo—ng

mga bansang imperyalista na gustong huthutin ang yaman ng buong mundo."

Matanda na si Tatay Efren. Hindi na magtatagal sa sarili niyang tantya. Pero hindi sumusuko ang kanyang kapasiyahan na supilin ang imperyalismo. Paano?

Habang nakakumot ang kadiliman sa lugar ni Tatay Efren. Tahimik niyang ibinukas ang kaniyang tahanan. Pinatuloy ang mga kasama.

Bumulong siya sa mga kasama:

*Talunin niyo ang bangin. Ang sarili niyong dead-end. Para matagpuan niyo ang bago niyong sarili.*

*Ipagpatuloy niyo ang laban. Ibagsak ang imperyalismo.* D



*graphite*
*Ka Jo*

# Daluyong ng sambayanan

NI KA ANEL

Dati-rati, kayraming mga batang malayang nakapaglalaro sa baybayin.  Ang kanilang mga ama't ina naman, gabi man o araw, bangka ang tanging kasama upang sila ay kumita at may makain.

Sila ang mga mangingisda sa ating lipunan—silang mga nabubuhay sa pagkabisa at pagsabay sa daluyong ng mga alon sa karagatan.

Sa dagat, sila ay malayang nakapaghahanapbuhay.  Ngunit ngayon, ang dating malayang mga nangingisda sa dagat ay napapadpad sa tigang na tigang na mga lupain.  Ang mga bata, hanggang tanaw at pangarap na lamang ang makayapak muli sa dalampasigan at magtampisaw sa dagat dahil sa iba't ibang proyektong lalamon dito.

Mga *resort, hotel,* planta, daungan at kung anu-anong mga pasyalan ang ipapalit sa mga munti nilang bahay na tahanan ng kanilang mga pangarap.  Ang pangarap ng ama't inang estableng kabuhayan ay lalasunin ng mga kemikal na aagos mula sa miminahing kabundukan. Ang pangarap ng mga batang makapagtapos ng pag-aaral ay dudurugin ng mga *backhoe* at *bulldozer*.

Ngayon, hindi na barko o bangka ng mga Pilipino ang inyong mapagmamasdan.  Hindi na mga mangingisda ang inyong matatanaw, kundi mabalasik na kompanya na nang-aangkin ng dagat at kabundukan.  Ang tubig na dati'y kulay asul, ngayo'y nangitim na dahil sa basurang ikinalat ng malalaking kapitalistang kompanya.

Para kanino ba ang dalampasigan?  Para sa sambayanang Pilipino o sa iilan at dayuhang naghahari-harian?

Tulad ng mga alon, alam ng mamamayang inaapi ang kasagutan: daluyong!  Libu-libong mangingisda ang dadaluyong tungo sa agos ng rebolusyon, tulad kung paanong magtagpo ang rumaragasang mga ilog tungo sa iisang landas patungong pampang.

Muling mabubuo ang galit ng mamamayang nagkakaisa at sabay-sabay na aalon patungong himagsikan.

Hindi mapipigilan ng estado ang pagragasa ng paglaban ng sambayanan! *D*

# Paglaban ng Madegdeg sa mga gahaman

NI KA DESSA

Kung naghahanap ka ng nauusong magagandang tanawin at kagubatan tulad ng napapanood sa Youtube, pumunta ka sa Brgy. Marikit. Bulubundukin ang lugar, makapal ang kagubatan, at may malinis at malawak na sapa at ilog. Matatagpuan dito ang isang daan at 150 ektarya na lupaing ninuno, tahanan ng mga Madegdeg (pula).

Napakahitik sa likas na yaman tulad ng iba't ibang punong-kahoy, hipon at iba pang klase ng isda sa mga ilog at sapa. Lalo pang pinayaman ng mga Madegdeg ang lupa. Punumpuno ito ng mga pananim na balinghoy, kamote, palay kaingin, niyog, saging at iba pa. Bukod sa mga nabanggit, nagniningning din ito sa yamang mineral, partikular ng ginto. Ito na rin ang pangunahin nilang hanapbuhay — ang maliitang pagmimina, o pagkakabud sa lenggwahe ng lugar.

Kalat-kalat ang komunidad ng Madegdeg. Matatawag pa silang *"nomadic"* kahit sa makabagong panahon dahil sa kalagayang walang sariling lupa at palipat-lipat sila ng lugar depende kung saan may hanapbuhay. Bagaman ganito, natutunan ng komunidad ng Madegdeg sa Brgy. Marikit na maglinang ng lupa at mag-alaga ng hayop sa pinili nilang pagyamaning lugar. Dahil dito naobliga ang lokal na reaksyunaryong pamahalaan at ahensya ng gubyerno na kilalanin kalaunan ang pananatili sa sinasakang lupa.

Mula sa dating laging palipat-lipat ng tirahan para makakuha ng kabuhayan, nakapagbuo na sila ng mga komunidad. Mayroon silang kinikilalang mga lider na tinatawag na kapitan, may umaaktong konseho ng matatanda na nagpapayo sa mga usapin sa komunidad at napreserbang kultura tulad ng kanilang wika, paghahabi, pangangaso at iba pang mga paniniwala.

Ang mapayapang pamumuhay ng mga Madegdeg ay binasag ng tangkang panghihimasok ng dayuhang mina na nais kamkamin ang kanilang lupa at kabuhayan. Ang mayamang ginto sa lugar ang umakit

sa pagpasok ng mga minahan. Kasabwat mismo ang mga ahensya ng gobyerno tulad ng National Commission on Indigenous People (NCIP) at Department on Environment and Natural Resources (DENR), dinidiktahan at pinipilit silang iwaksi ang karapatan nila sa kanilang lupaing ninuno.

Pinipilit silang sumunod sa kondisyon upang makapanatili sa lugar. Itinatakda sa kanila kung ano lamang ang maari nilang itanim kagaya ng puno ng *narra, mahogany, gemelina* na hindi tumutugon sa pangangailangan ng sikmura. Pinagbabawalan din ang mga Madegdeg na magkaingin dahil diumano nakakasira sa kalikasan, gayong pinahihintulutan ng DENR ang mga proyektong nagpapalit-gamit sa lupa at nangwawasak sa kalikasan. Pinapayagan at tinutulungan pa ng gubyerno ang mga kumpanya ng dayuhang mina at pinapahintulutan ang konstruksyon ng malalaking kalsada na para din sa mga minahan.

Pinagbabantaan din ang tribung Madegdeg na kapag nagpatuloy ng BHB at nagkalabanan sa lugar ay babawiin ang kanilang lupa. Ginagawang panakip-butas ng militar ang diumanong presensya ng BHB sa lugar para pumasok at magsagawa ng operasyon.

Ang katotohanan, swelduhang armadong grupo ng dayuhang mina ang AFP kaya bahagi ng trabaho nila ang pananakot at pagpapahina sa nagkakaisang diwa ng mga Madegdeg para mabilis na makapasok ang dayuhang mina. Naghahasik ng dudahan at intriga ang mga militar at lokal na reaksyunaryong ahensya ng gubyerno sa hanay ng mamamayan.

Walang tigil silang pinapatawag sa mga pulong kaharap ang kumpanya ng mina at NCIP. Hinihimok silang pumayag na papasukin ang mina dahil "eksplorasyon" pa lang naman diumano ang gagawin. Ngunit anuman ang panlolokong ginagawa sa kanila, hindi mapaglalakuan at batid ng mga Madegdeg ang magiging malaki at matagalang epekto ng pagpasok ng dayuhang mina — kakamkamin ang kanilang lupa, matitigil ang pagkakabud, mawawala ang pinagkukunan ng pagkain at mawawasak ang kalikasang matagal nilang iniingatan at ang mapayapang pamumuhay sa lugar.

Upang makapagdepensa sa atake ng kaaway, napipilitan ang mga Madegdeg na lisanin ang kanilang lugar pana-panahon. Resulta nito,

naiiwang tiwangwang ang mga lupa, napapabayaan ang mga alagang hayop at pananim. Lumala pa ang hikahos nilang buhay, wala silang kabuhayan sa lugar na lilipatan.

Sa kabila ng mga pakana ng AFP, gobyerno at dayuhang mina, nananatiling matibay ang paglaban ng Madegdeg. Nagkakaisa ang buong komunidad na tutulan ang pagpasok ng dayuhang mina.

Malakas at nagkakaisang nananawagan ang mga Madegdeg: Lupang ninuno, depensahan at ipaglaban! D



# Tula

# Napaluha si Inay

NI KA PLENI

Isinilang ako't nagkaroon ng buhay
Doon sa tinaguriang "ospital ng bayan"
Napaluha si inay
Hindi pa dahil sa sakit ng pagluluwal
Hindi pa matapos akong masilayan
Kundi dahil sa singiling napakamahal!

Bago pa kami ilabas ni inay sa ospital
Nalubog na siya sa utang!

Nang minsang pumunta kami sa palengke
Napaluha si inay
Hindi pa dahil sa sakit ng paa at binti
Kalalakad sa paggalugad sa mga suki
Kundi dahil wala ni anumang murang mabili!

Galunggong galing China
Bigas galing Vietnam
Sibuyas na nga'y iniimport pa!
Baha na rito ng dayong kalakal!

Nilisan namin ang palengke
Dala lang ang isang supot na napamili.

Nang ako'y nag-aaral na,
Napaluha si inay
Hindi pa dahil sa galak sa nasungkit kong medalya
Kundi dahil sa salitang Ingles ako nagpakabihasa
At dahil din sa dagdag pang dalawang taon
Na Grade 11 at 12 na igugugol!

At nakagradweyt nga ako ng hayskul
Na teknikal at bokasyunal ang naaning dunong.

Pero sa amin, hindi ako ang mangingibang-bayan
Hindi ako ang murang lakas-paggawang ikakalakal
Napaluha si inay

Hindi pa dahil sa siya'y mapapawalay
Hindi pa dahil sa buhay-banyagang hindi kinagisnan
Kundi dahil sa kakarampot na kitang
Kapalit ng sakripisyo't paglalapastangan


Umuwi lang din si inay
Kahit hindi pa bayad ang lahat ng utang.

Kaya sa *microfinance*, nangahas kumapit
Para sa pambayad-utang din ang paglapit
Pero napaluha pa rin si inay
Hindi dahil sa sinasabing pautang na mabait
Para raw sa mahihirap, kahit walang *asset*
Kundi dahil sa napakataas na interes
At lingguhang paniningil at panggigipit!

Nang ako'y isang kolehiyala,
Iskolar ng bayan ang sa aki'y bansag nila
Napaluha si inay
Hindi pa dahil sa galak at tuwa
Na ang anak niya'y sa UP nakapasa
Kundi dahil sa abot-langit na matrikula!

Hindi na nga ako nakapagtapos,
Sa *student loan*, wala pang pantubos!

Nang ako'y nagtatrabaho na,
Napaluha si inay
Hindi pa dahil sa gabi-gabi akong puyat




Para sumagot sa mga Kanong tumatawag
Kundi dahil isa lang akong kontraktwal
Na ang sweldo'y limos lang
At nanganganib pang matanggal.

Hindi nga ako nangibang-bansa
Ngunit dito sa tinubuang lupa
Ang mura kong lakas-paggawa
Lingkod pa rin sa mga banyaga.

Natapos na't lahat ang kontrata
Bilang *call center agent*
Benepisyo't pensyon ay wala
Ang utang ko, lalo pang lumala.

Nang sariling pamilya, aking binuo
Napaluha si inay
Hindi dahil sa pangarap na magkakaapo
Hindi dahil sa angkan naming lalago
Kundi dahil ang magiging anak ko,
Hindi pa man nailuluwal sa mundo
Sa hindi niya naman inutang, siya pa rin ang sasalo.

Kinaharap namin ng aking asawa
Ang pait na mamuhay sa sariling paa
Buwan-buwan ang pagdating ng ligalig
Sa singil sa upa, kuryente, tubig at *internet*.

Nang ako'y magkasakit,
At sa kamataya'y nabibingit
Napaluha si inay
Hindi dahil sa ang anak niya'y papanaw na
Hindi dahil sa sukdulang pagluluksa
Kundi dahil sa *"insurance"* ika
Na hanggang sa libingan
Ang pangkabaong ko at lamay
Ay isinusugal pa ng mga bangko
Para gawing libangan at negosyo!

Bago tuluyang magsara
Ang talukap ng aking mga mata
Ang neoliberalismo pa ring nakatawa
Ang huli kong nakita.

At kung kailan ako'y pikit na
Saka ako mamumulat
Na mula ako'y isilang

Magpahanggang ngayon sa hukay
Ang imperyalismo ang dahilan
Kung bakit lagi na lang
Lumuluha si Inangbayan. 𝒟

*1 Setyembre 2024*

# Isakdal ang maylikha

NI RA SANTIAGO

Matapos ang salanta ng kanyang kasunô
Igahin mga tubígan ng malupit na si Niño
Pangalat na sa radyo, sa bali-balita
Pagpasok ng Hulyo, may resbak si Niña.

At dumating nga nang walang paabiso
Limas ang pananim pati kahulihang piso
Kakarampot na kabuhayang ipinangutang ko pa
Habambuhay babayaran, salamat, Carina!

Pausbong nang palay, ay hapay, nangalusaw
At ang mumunting pitak, ‘di ko na maaninaw
Anhin pa ang sakit sa arado kong napugnaw
Labis na gutom, akin nang natatanaw

Bakit nga ba sa amin ang ganti ng sakuna?
Masahol sa kalamidad ang sa kanya’y maylikha!
Mapangwasak, mapanupil, walang apdo at puso
Kawangis ng delubyo, kuntawagi’y imperyalismo.

*6 Agosto 2024 | 1911H*

# Tangis ng kalikasan*

NI TERESA DIOQUINO

nagalit ang langit
sa aming sinapit
lumuha nang lumuha
nagdulot ng maraming baha

pati bulkan ay nakiramay
sumabog ang nag-aalburutong
Taal nagbuga ng makakapal na usok
pinadilim ang kapaligiran

nag-alimpuyo ang karagatan
nagpakawala ng ga-higanteng mga alon
lumikha ng ipu-ipo
kaya't walang nangahas pumalaot

nagtago ang buwan
namayani ang karimlan
tumangging magpakita
hangga't hindi nakatawa

tumatangis ang kalikasan
sa kalagayan ng mamamayan
aba't dukha ay pinahihirapan
ng mga nasa kapangyarihan

nagngingitngit ang inang bayan
namamatay sa gutom ang mahihirap
samantalang ang iilang mayayaman
bilyun-bilyon ang ari-arian

dayuhan ang nagpapasasa
sa likas na yaman ng bansa
minimina ang mga kabundukan
inaangkin pati ang karagatan

pinapatag ang mga bundok
upang gawing *tourist attraction*
pinalalayas ang mga katutubo
sa kanilang lupang ninuno

lupang binungkal ng mga magsasaka
inaagaw ng mga panginoong maylupa
manggagawang lumilikha ng yaman
binubusabos ng mga kapitalista

o, bakit ganito ang nangyayari
    sa bayan ko?
o, bakit ganito ang kinasadlakan
    ng bayan ko?

kailangan nating matuto
na kumilos nang todo-todo
dahil ang tunay na pagbabago
hindi maiaasa sa mga nakaupo sa gobyerno

mamamayan ang umuukit
ng kasaysayan ng lipunan
isa itong katotohanan
na hindi mapapasubalian

kaya't kumilos na tayo
ating baguhin ang mundo
isang lipunang may pagkakapantay-pantay
atin nang itayo

ganito ang mundong pangarap ko:
    walang pagsasamantala
    lahat ay nagtatamasa
    ayon sa kanyang pangangailangan
    ayon sa kanyang pinagpaguran 𝒟

*3 July 2021*
*Romblon, Romblon*
*(Romblon Municipal Police Station)*

**Pinamagatan ng patnugutan ng Dagitab. Ang orihinal na pyesa ay walang pamagat*

# Pagbabayarin kita, imperyalismo

NI KA PLENI

Ninakaw mo na ang lahat sa aking bukirin:
Palay, niyog, tubó, ang lahat ng aking tanim;
Pati ba naman ang lupang malaon nang kapiling
Sukdulan mong inangkin para mina'y dambungin!

At nang mawalan ng lupa, napilitang humayo
Upang ipagbili ang natatanging pag-aari ko
Ngunit hanggang sa pabrika'y ikaw pa rin ang amo!
Binusabos ng kapital sa mababang pasweldo

Haya't ginamit mo pa mga lider na huwad
Sa kanilang mga batas, lalo kaming naghirap
Maingay sa halalan, mga papet mong kasabwat
Pero 'pag kailangan — nagliliwaliw, ni hindi mahagilap

Hinubaran mo kami ng aming pamana
Kultura'y nilabusaw para sa 'yo mangayupapa
Pag-ibig sa Inang Bayan, unti-unting binubura
Dugong rebolusyonaryo'y pinawawaglit sa alaala

Ngunit ang laging kumikidlat sa aking isip
Yaong nang si Ina, kinaladkad, ginahis
Ng iyong mga alagad, mga pasistang nakapatig
At sa bungo ni Ina, punglong tatak-US ang isinilid!


Hindi mo ba narinig ang bulong ng mga nagluksa?
Sa paglalamay na iyo'y kasabay nilang isinumpa:
Pagbayarin nang mahal ang agilang mapagsamantala
Na saanmang dako'y nanaklot, nandambong, nanila!

Hintayin mo, imperyalismo, daratal ang araw
Na ang iyong kasakima'y hahantong sa kasawian.

Sa diwa ng masang Pilipino, ibayong naglalatang
Ang silakbo ng isang kumukulong bulkan!

Ngayon, heto ako, sa lupa'y nakaugat pa rin
Kakapit-bisig iba pang uring iyong inalipin
Nakikilala mo ba ako sa nagbago kong hitsurain?
Oo, ako ito, ngunit nagbangon sa pagkagupiling
Hawak na ang armas na sa sistema mo'y kikitil! D

*27 Agosto 2024*



# Ating paglalayo ay dulot nila

NI KA MATTER

Lagi kang nagtanong nasaan ang ina
Bakit di umuuwi, ilang taon na?
Di masilayan at di makasama
Nakakausap man sa cp ay saglit pa

Lagi kong asam ikaw sana'y kapiling
Subaybay ang paglaki ang tanging hiling
Sa'yong pag aaral ako'y nakagabay
Turuan ng wastong konsepto at aral

Wala sayong piling, tunay na dahilan
Dahil piniling magsulong ng digmaan
Upang ipagtanggol ating inang bayan
Sa pandarambong ng sakim na dayuhan

Nasa rurok na ng labis na produksyon
Na siyang nagdudulot ng istagplasyon
Kasakiman nila't walang kabusugan
Dulot ng di natatapos na ribalan

Sa hilaw na materyales nag-unahan
Walang pakialam epekto sa bayan
Dahilan ito ng maraming sakuna
Tagtuyot, baha, pagbabago ng klima

Akala nila, sila'ng diyos ng mundo
Nag-aastang siga sa lahat ng dako
Oplan kapanatagan sa Pilipinas
Kagaar sa India, Henosidyo sa Gaza

Para magkapera kelangang manggera
Upang makabenta ng gamit pandigma
*Second hand* na *helicopter* at mga barko
Misayl, *drone*, pang surbeylans na eroplano

Upang matiyak kontrol sa pasipiko
Naglagay ng base at mga pwersang kano
Sa timog Korea at isla ng Taiwan
Baybay ng Pilipinas maging sa Japan

Libong dayong pwersa ang nagbalikatan
Patrolya sa himpapawid’ t karagatan.
Isinagawa ang pamilyarisasyon
Sinanay mahigpit na koordinasyon

Napipinto ang digmaan sa’ting bansa
Habang magsasaka wala paring lupa
Mababa ang sahod ng mga manggagawa
Mga guro, nars doktor, mababa ang kita.

Walang ibang gagawin kundi lumaban
Digmang bayan ang tanging kaparaanan
Lakas ng mamamayan ang syang sandigan
Ang Partido Komunista ang syang tanglaw

Kaya’t paglalayo’y aking titiisin
Nang mapayapang bayan sayo ihain
Pagkain sa hapag hindi kakapusin
Tunay na demokrasya’y tatamasahin

*Alay sayo Mikay 090324*

# Tuwing gabi

NI KA ANEL

Tuwing mga gabing
maliwanag ang buwan
O kaya nama'y
Madilim ang kalangitan,

Mga gabi ng piyesta
ng mga insekto't kulisap
na humuhuni sa aking paligid
Sa kaliwa't kanan,
hulihan at unahan,

Mga gabing may pangamba
Sapagkat hindi ko alam
kung kailan
Muli darating ang kalaban.

Mga gabi ng pamamahinga
ng isip at katawan
upang salubungin
ang bagong kinabukasan.

May mga gabi mang
Walang katiyakan,
araw-araw naman
ay laging tangan
ang katiyakan ng paninindigan
At panibagong paglalakbay patungo sa masang paroroonan.

Susulong, babangon, lalaban,
hanggang makamit ang paglaya ng bayan
mula sa pagkakagapos ng dayuhan!



HULUGAN MO AKO NG SUNDANG
*colored pen*
RA Santiago

# Abril 22*

NI MARLON TORRES

Bago pa man itinaguyod ni Denis Hayes
ang isang Earth Day noong dekada '70,
ilampung taon nang kinikilala
ng daigdig ang araw na ito
bilang paggalang at pagdakila.

Habang nilalabusaw ng uring naghahari
at kanilang mga pantas
ang dahilan ng pag-iral ng tao,
mundo, kamalayan,
pagsasamantala, at kalayaan,
tinahak mo naman ang Marxismo,
hinatid ito sa panibagong rurok ng
pag-unlad ng karunungan at praktika.

Hinimay mo ang limang katangian ng
kapitalismo sa mapanupil, parasitiko
at naghihingalong yugto nito.
Itinuro mo ang nararapat gawin
at tungkulin ng isang partido ng
mulat-sa-uring manggagawa
upang makatwirang pamunuan
at ilunsad ang isang
buhay-at-kamatayang pagbabago.
Lalo't higit, lumahok ka at
pinatunayang maipagtatagumpay
ang pandaigdigang proletaryong
rebolusyong sosyalista.

Sa iyong panahon,
makatotohanan mong inihalintulad
na ang krisis na dinaranas

ng mamamayan ay yaon ding
kasinsahol ng karukhaan at
kalupitan tuwing may digmaan.
At makalipas ang higit 'sandaang taon,
pinatutunayan mo pa ding
kahit hindi tuwirang sangkot
ang mamamayan sa sigalot ng
mga bansa,
sabayan at kabi-kabila silang
hinahagupit ng krisis at
maging ang paniningil ng
Inang Kalikasan
bilang matitinding epekto
ng pananalasa ng imperyalismo.

Walang malawakan at mabilis na
pagkawasak ng daigdig
kung ang pag-unlad ay
ginagabayan at nakasalalay
sa kung ano (lang) ang kailangan ng tao,
at hindi sa itinatakdang kagustuhan
ng pamilihan
na binasbasan ng mga sakim na
naghahabol sa kita at higanteng tubo.

Sa nakalipas na mga taon,
hindi na inaalala ang iyong pangalan;
manapa'y dinungisan pa ito
nang bumagsak
ang modernong rebisyunismo;
inalis na ito sa kalendaryo
upang ibayong balewalain
o kundi ma'y baluktutin
ang iyong mga nagawa at ambag;
sinapawan na ito ng Earth Day ng
mga korporasyon at gubyernong
nakikikoro sa panawagang
pangalagaan ang mundo.

Hindi ka nga kilala ng bagong henerasyon,
silang tagapagmana nitong daigdig.
Subalit nakatitiyak akong
kapag nakilala at naunawaan nila
ang Leninismo,
higit na mapagpasya
ang kanilang pagsisikap na sagipin
at isalba ang daigdig at sangkatauhan.
At radikal ito.

*Romblon, Romblon 22 Abril 2023*
*2251*

**Si Vladimir I. Lenin ay ipinanganak noong Abril 22, 1870.*

# Para kanino ka, Palawan?

NI KA MAISEG

Kabigha-bighani ang dalisay at kariktan mong taglay
Mga punong matatayog, katubigang kristal sa linaw
Mapuputi ang buhanging kaypino sa dalampasigan
Dambuhalang mga bato sa mga kweba ng kasaysayan

Paraguang silong ng mga nabubuhay ang birheng kagubatan
Ang mga isda, mga ibon, sa dagat mo't langit nagpapaligsahan
Bawat halama'y sumisibol sa matabang lupang napagtatamnan
Ikaw nga ang aming paraiso, aming sintang Palawan

Ngunit sa pagtuklas sa bawat mong kayamanan
Dayuhan naglalaway, ginagawa kang kalakal
Sa ngalan ng turismo, inilalako ka't nilalapastangan
Habang kaming Palaweño'y inalisan nila ng tahanan!

Inaangkin ng dayuhang mina ang bawat mong mineral
Kinakalbo ang gubat, pinapasabog ang kabundukan
Unti-unti ka nilang ginagahis, pinapaslang
At ang itinitira sa amin ay malalaking hukay!

Umaangal ang mga puno sa iligal na pagputol
Tumatangis ang mga ilog sa lasong dumadaloy
Sa pagkawasak ng tirahan, mga hayop nananaghoy
Nagluluksa ang lahat sa kalikasan mong nakaburol

Paano na lamang kaming sa iyo nabubuhay?
Nananatiling dukha, api at pinagsasamantalahan
Higpit ng sinturon sa sikmurang kumakalam
Ang yaman mong alay sa amin, iba ang nakikinabang!

Magsasaka'y gutom, mangingisda'y lunod sa kahirapan
Lupaing ninuno ng mga katutubo'y kinakamkam

Mga karapatang panlipunan, ni hindi abot-kamay
At kapag kami'y nanawagan, tugon ng WesCom ay karahasan

Hangad naming mapalaya ka, minamahal na Palawan
Ubos-kayang ipagtatanggol ka ng iyong mamamayan
Ang mga Palaweñong sinagad nila'y mamumulat, lalaban
Walang ibang sagot kundi ang digmang bayan!

Bawat ihip sa supok, bawat bigwas ng gulok
Bawat kalabit ng riple, mga putok at pagsabog
Sa kaaway ng sambayanan, sa rehimen itututok
Tutunguhin ng imperyalismo'y tiyak na pagbulusok!

At sa kaganapan ng tagumpay ng rebolusyon,
ang yamang likas mo, Palawan, maliligtas sa pagkaubos.

# Panawagan

NI KA ROSIE

ikaw ang lalagot sa 'yong tanikala
ikaw ang babawi sa 'yong lupa
ikaw ang aahon mula sa pagdaralita
ikaw ang sa 'yong uri'y magpapalaya

ikaw ang lalampas sa hangganan ng pulpito
ikaw ang lalabas sa kaalamang-libro
ikaw ang magtuturo ng wasto
ikaw ang manggagamot sa sakit nitong bayan mo

sama-sama kayong huhulagpos sa gapos
sama-samang aahon mula sa hikahos
sama-samang susuungin malalakas na unos
magbibigkis at sa pangangailangan ng rebolusyo'y tatalos

dakila mong laban malaon nang nagsimula
pinasimulan ng 'yong mga ninunong dakila
alang sa kalayaa't demokrasya nitong bansa
gapiin ang dayong nananalanta

hamon sayo'y tugunin ang panawagan,
ang tangis at hiyaw nyaring inangbayan
sa gitna ng ibayong pang-aapi't pagkagahaman
ng mga dayong sakim at lokal na kawatan

singilin silang sa yaman at pagod mo'y nagpasasa
singilin silang sa puri at dangal mo'y nandusta
singilin silang sa karapatan mo'y nangyurak
singilin silang sa sariling bayan mo'y nangwasak!

*- Hulyo 10, 2023; itinuloy at tinapos Agosto 11, 2024*



SA KAINGIN NI BAPA
*ink*
Ka Pleni

# Gera

AKROSTIK NI KA PLENI

Iyak ng mga sanggol at batang Palestino
umaalingawngaw bago mo paslangin

Mamamayan ng daigdig ang pinagsasabong
para sa 'yong imbing layunin.

Pambala sa kanyon ang mga Pilipino
sa nilulutong digma laban sa China

Eroplanong pandigma'y naglipana,
tila kulumpon ng lamok na nagpipista

Ragasa sa dagat ang mga barko't
submarinong pambomba

Yabag ng mga unipormadong Kano
sa ibayong lupa'y nananalanta.

Agresyong nakatutulig
sa mga tainga mo'y musika

Libangan at laro lang para sa iyo
ang mang-udyok ng gera

Ilan na nga bang mga bansa
ang winasak mo sa pangongolonya?

Sakim na mapasakamay mo
ang mga teritoryo ng lahat ng bayan

Mapamuksang mga sandata ang panghasik ng teror,
gayundin ang nukleyar

Oligarko sa bentahan ng armas,
nagdiriwang sa tinatabong dolyar!

Ikalimang saligang katangian mo'y
higit mong pinatutunayan

Bangkay kang naaagnas, nabubulok,
sa krisis na hindi mo matakasan.

Ang lahat ng lahi't bayan, nagkakaisa
laban sa digma mong di makatarungan


Gulong ng kasaysayang pinatatakbo ng anakpawis,
kailanma'y hindi mo mapipigilan!

Sansinukuban ang mag-aaklas,
uring proletaryado ang mamumuno't bag-as.

Arsenal ka nga, imperyalismo, lumilikha ng armas
na sa iyo ri'y magwawakas

Komunismo na iyong multo,
hahawanin ng sosyalistang landas!

*Agosto 28, 2024*




BUHAY GERILYA
*ink*
RA Santiago

# Sa pangalan ni Jesus

PANALANGIN NI ELLAH

Panginoon, aming ama sa langit, aming kataas-taasang Diyos na s'yang lumilikha ng lahat sa mundo. Alam kong walang nalilingid sayo. Dinggin mo Ama ang aking hinaing, katulad ng hinaing at pagsamo ni PROPETA HABAKKUK.

Panginoon, ang Pilipinas na bayan ko
ay malaon nang nagdurusa
Mga kababayan ko'y patuloy na nasasadlak
sa kahirapan mula pa noong una,
Kaming sinasakop ng mga dayuhan,
na sa aming yaman ay nagpapasasa
Aming mga karapatan pati laya, ay kanilang ginagahasa.

Panginoon, ang mga tagapamuno sa aming bansa
ay lagi nang nakikipagsabwatan sa mga dayuhan
Sa kanila sila ay nagpapakatuta kapalit ng pakinabang
Sila yaong walang pagmamahal sa aming bayan
Wala silang pakialam sa kasasapitan naming mga mamamayan

Panginoon, dinidiyos nila ang kanilang mga kasakiman,
Sila ay mga taksil sa aming lahing pinagmulan
Nilalapastangan nila aming lupang tinubuan
Sila ang nagpapasimuno ng mga katiwalian
at walang kaparis na korapsyon sa pamahalaan.

Sila ang nagpapakana nitong mga karahasan at kaguluhan
sa kanila nagsisimula ang mga kriminalidad.
Sila rin ang nanunguna sa pang-aabuso at pagpatay.
Oh, panginoon, Sila ang nararapat ipasok sa bilangguan.

Panginoon, anong kinabukasan kaya ang naghihintay,
sa mahal kong bayan?

Kung kaming mga nagtatanggol at lumalaban para sa aming
    mga karapatan ay pinarurusahan.
Kami ay kanilang sinusupil, ikinukulong at/o pinapaslang.
Kami na tunay na nagmamahal at nagmamalasakit sa bayan.

Panginoon, noon hanggang ngayon ang mga palalo ay namamayani
Halos apat na raang taon na kaming inaapi at pinagsasamantalahan
Kami'y gumagapang na, sa kahirapang nararanasan,
Kalunus-lunos na ang aming kalagayan.

Panginoon, ang sabi mo ay walang nalilingid sayo.
Kami ngayon ay muling dumudulog, sumasamo
Masdan mo ang aming bayan, masdan mo ang iyong mga anak.
Ama, kami ay iyong tulungan, batid mo ang aming kalooban.

Ang lahat ng ito ay itinataas namin sayo ama,
sa pangalan ng iyong anak na si Jesus,
na aming Panginoon at tagapagligtas. Amen!

# Anak

NI KA PINSEL

Anak, kamusta ka?
Nawa'y maayos ang iyong kalagayan at malayo sa kapahamakan
Kami ng iyong Ama ay nasa malayong bayan
Kapiling ang masang api at pinagsasamantalahan
Habang ikaw ay lumalaki at nagkakaisip
    imulat mo ang isipan
Na ang lipunang ginagalawan ay malakolonyal at malapyudal

Kaya anak huwag mong iisipin na ika'y aming iniwan
Maunawaan mo na ang aming ginagawa ay para sa iyong kapakanan
Kung wala sanang mga ganid at gahaman
Hindi ka na namin kinailangang iwanan
Ngunit para sa iyo at aping mamamayan
Tiniis namin ang aming kalungkutan at kasabikan na ikaw ay mahagkan

Aming anak huwag mong iisipin na ikaw ay aming nakalimutan
'Pagkat sa bawat oras na lumilipas lagi ka lang sa aming puso't isipan
Kahit gaano kahirap aming nilalakbay
Matarik, mabundok, ilog o dagat man makakaya naming lagpasan

Sa iyong paglaki, sana kami'y iyong maintindihan
Kung bakit ating pamilya'y ganito ang kinahinatnan
Madalang magkita o magkausap man
Hindi nagkakasama nang buò kahit isang araw

Batid naming sa una ika'y maguguluhan
Bilang magulang hangad naming sa pagdating ng araw ng iyong hustong gulang

Ikaw mismo ang magsasabi na,
Inay at Itay, salamat dahil namulat ako
Na ang magrebolusyon ang tamang daan

Mapapawi ang uri sa lipunan,
Makakapag-aral ang mga kabataan nang walang alinlangan
Magkakaroon ng sariling bahay ang maralita sa kalunsuran
Malayang makakapangisda sa karagatan
Magkakaroon ng sariling lupa ang mga magsasaka sa kanayunan
Proletaryado ang hahawak ng kapangyarihan

Aming minamahal na anak lagi mong pakakatandaan isapuso't isabuhay
Na ang tamang landas na tahakin ay digmang bayan
Dito natin makakamit na mabuò ang bawat pamilyang nagkahiwalay
At ang maaliwalas na bukas tungo sa tagumpay

Muli anak, para saiyo ang aming ipinaglalaban
Mahal na mahal ka nina Inay at Itay.

*24 Enero 2024*

# Sino ang dapat sisihin?

NI KA NARO

Pagmasdan mo ang kalikasan, di ba't napakaganda?
Punung-puno ng likas na yaman makikita ng mata

Sa bawat bungkal ng lupa ay ginto mong pag-aari
Bawat bukal sa kabundukan ay inumin ng nakararami

Subalit ito ba talaga sa katotohanan nangyayari?
Di ba't ipinagdadamot ito ng mga naghaharing uri?

Sila ang dahilan ng sakunang nararanasan
Pagmimina at pagtotroso, pagkalbo ng kagubatan

Ang kapatagan, kabundukan ay kanilang wawasakin
Hanggang wala nang matira na lupain para sa atin

Makatarungan bang maituturing ang lahat
Pagbibigay ng gobyerno ng ayuda'y hindi sapat

Muli mong pagmasdan kinalbong kagubatan
Pagkatuyot ng bawat ilog sa El Niñong nararanasan

Sino ang ating sisisihin sa naranasang sakuna
Ang kalikasan ba? Hindi! Ang kapitalistang maysala.

# Maskara

NI KA WENDY

Ang suot mong mga maskara
Itsura'ng magara
Batbat ng palamuti
Na yari ng 'yong api

Maskara'y iba't iba
Kubli ang iisang mukha
Ng itim mong mithiin
Dito sa'ming lupain

Mapanlinlang mong proyekto
Gusto kaming malito
Dala kuno'y serbisyo,
Pag-unlad at trabaho

Pero di sinasabi
Dala nitong pighati
Sa aming kalikasan,
Buhay at kabuhayan

Halimbawa'y pagmimina
Sa langis naming yaman
Kami'ng makikinabang?!
O ilan mong kaibigan?!

Pagtatayo rin ng dam
Para sa'ming tubigan?!
O kuryenteng kailangan
Para sa'yong minahan?!

Ginamit pa ang Anwang[1]
Sa iyong pangangamkam

Konserbasyon nga ba
O pagpapalawak ng ‘yong lupa?

Galamay mong marirok[2]
Bundok, sityo’y pinasok
Maskara’y kapayapaan
Kaunlaran, katahimikan

Ngunit kanilang dala’y
Takot at karahasan
Bundok at pamayanan
Kanilang hinalihaw


Wari’y sa iyong isip
Kami’y mangmang at pikit
Ngunit Partido ang nagmulat
Iyong maskara’y nahubad

At nalantad ‘yong mukha
Imperyalismo pala
Pyudalismo at BurKap
Ay iyo pang kasapakat


Kaya’t kayo’y humanda na
Kami’y tumindig na
Ngayo’y nagkakaisang
Lipulin kayong kaaway!

——————

*1 Anwang - Tamaraw*
*2 marirok - kaaway/sundalo sa salitang Mangyan*




LAKBAY NG HUKBONG BAYAN
*ink*
RA Santiago



# Balagtasan

# Rebolusyon ba'y magtatagumpay?

NI KA PLENI

Lakandiwa:
Rebolusyonaryong pagbati sa lahat
Mapula ang araw sa 'ting paghaharap
Isang balagtasan inyong mamamalas
Magtunggali upang ang wasto'y malantad

Ang tanong, usapin, itong nakahapag
Tagumpay ba nitong digmaa'y mailap
Mabibigo ba o magwawaging tiyak?
Piliin ang tumpak, hindi ang hinagap.

Pero bago'ng lahat, magpapakilala
Akong binibining (ginoo na/may pinili) narito sa gitna
Tagapamagitan sa laban ng dal'wa
Palakpakan sana akong lakandiwa

At dumako tayo sa mga hinirang
Dalawang kalahok sa 'ting balagtasan
Sa husay na walang kaparis, kabagay
Sila'ng magtatanggol sa kan'lang palagay

Unahin nating tawagin sa entablado
Panig na nagsulsol digma'y mabibigo
Kay Brutong Burgesya, ay makinig tayo
Dapat bang panigan kanyang kuru-kuro?

Brutong Burgesya:
Ako'y nalulugod sa 'ting lakandiwa,
Ang pagkakataong ito'y pambihira
Maswerte kayong ako'y inyong nakita
Lumuhod kayong lahat sa 'king presensya!

At kung ako lang ang syang uusisain
Sa pagkakawari ko'y ganito man din
Ang rebolusyon n'yo, walang mararating
Mabibigo kayo sa inyong mithiin

Mga hampaslupa, ang tigas ng bungo
At nangahas na kami'y kalabanin n'yo?
Sana ay kumuha na lang nitong bato
Upang ipukpok sa inyong mga ulo

Kung sa timbangan lang ng lakas babatay
Kayo'y talung-talo, mahina't iilan
Ipangtatapat n'yo sa 'ming kakayahan?
Aba'y manginig ka, sa 'yong kabiguan!

Malakas na armas, ni hindi mabilang
Bomba, bala at *drone*, modernong sasakyan
Tunog pa lang, kayo'y mahihintakutan
Magdalawang-isip kung tamang lumaban.

Lakandiwa:
Inyo nang narinig ang naunang bira
Sa inilahad nyaring Brutong Burgesya
Sa tagapanood, maniwala kaya
Kayo sa kanyang pinakawalang bala?

Kasunod nating tawagin sa harapan
Panig na tumindig na magtatagumpay
Itong isinusulong na digmang bayan
Maryang Manggagawa, haya't palakpakan!

Maryang Manggagawa:
Salamat lakandiwa sa 'yong tinuran
Ang unang bati ko'y isang pagpupugay
Sa sambayanan ko lubos inaalay
Kaisa n'yo sa proletaryong pananaw

Matibay na tindig, aking ilalahad
Ang rebolusyon ay magwawaging tiyak!
Masa’y kaagapay, dambuhalang lakas!
Bulok na sistema, aming ibabagsak!

Ang iniwang aral ng dakilang Joma
Hindi magagapi itong aming digma
Dahil makatarungan, lapat sa masa
Rebolusyong demokratiko’t pambansa

Ang tanging lulunas sa malakolonyal
At malapyudal na tipo ng lipunan
Pagsusulong ng makauring paglaban
Kaming proletaryado, nasa unahan

Ang estratehikong linya sa tagumpay
Pagsulong ng matagalang digmang bayan
Mag-ipon ng lakas mula kanayunan
Hanggang ari nang kubkubin kalunsuran

Paalong sumusulong sa bawat baryo
Pulang kapangyarihan ay itatayo
Puspusang isagawa sangkap na tatlo
Hanay ng masa, gawing organisado

Kasabay ng paglawak ng baseng masa
Ilunsad ang pakikidigmang gerilya.
Sa loob ng estratehikong depensiba,
Ang taktika ay sampu laban sa isa

Ang batayang taktikal na opensiba
Pinagtatagumpayan kasama’ng masa
Gawing bingi at bulag, mga pasista
Pasuntukin sa hangin, pagurin sila.

Ang mamamayang iyong minamaliit
Kung magsama-sama’y higit na mabagsik

Ang modernong armas na ‘yong sinasambit
Mawawalang-saysay sa naghihimagsik

Sa pagtatagumpay tanging mapagpasya
Ay lakas sa tao at mapanlabang diwa
Nasa kamay ito ng uring dinusta
Magbabangon upang magwagi ang digma

Pinatunayan na sa ‘ting kasaysayan
Na anumang lakas mayro’n ang kaaway
Sila’y nangabigong supilin paglaban
Walang tunay na lakas, tigreng papel lang

Nanaig ang Tsina, Unyong Sobyet, Byetnam
Hilagang Korea at iba pang bayan
Laban sa US na makapangyarihan
Sinong di namangha sa kan’lang tagumpay?

Ang unang dahilang iyong ibinato
Brutong Burgesya, ay walang patotoo
Ikaw ang manginig sa lakas na ito
Ng sambayanan, ika’y magugupo!

Lakandiwa:
Inyo nang narinig ang unang palitan
Entablado’y nag-init sa tunggalian
Sa estratehiya, kanilang ‘sinaysay
Tungo bang kabiguan o sa tagumpay?

Ngayo’y magtutuloy ang ating debate
Pangalawang bugso ng itutunggali
Sila’y pakinggan sa kanilang pagsuri
Nang ating matimbang sinong magwawagi

Brutong Burgesya:
Mga bansang iyong sinambit kanina
Di nga ba’t nagbalik sa kapitalista?

Ang Unyong Sobyet at Silangang Europa
Naging rebisyunista, maging ang China!

Nawalan ng saysay kanilang tagumpay
Nang sosyalismo'y kanilang talikuran
Ito'ng patunay na walang hihinatnan
Ang digmaang inyong ipinaglalaban!

Ang inyong prinsipyo, lipas na at luma
Kagaya ng samyong nalanta't nagbawa
Limampu't lima na, taon ng pagbaka
Bakit hanggang ngayon, tagumpay ay wala?

Naubos nang lahat ang sa inyo'y gabay
Mga ulo't kadre ng inyong kilusan
Patay na si Joma, ano't pasasaan
Di pa ba kayo nagugulumihanan?

Maryang Manggagawa:
Bakit maglulubay sa pakikidigma
Kung mamartir man mga kadreng dakila?
Inspirasyon kanilang iniwang diwa
Higit na susulong ang pakikibaka

Mga aral nila sa tuwina'y tangan
Sa bawat pagkilos, ginintuang gabay
Dinilig ang lupa ng dugong inalay
Lalong nagpayabong sa 'ming kagubatan

Sila'ng nagturong 'wag pangibabawin
Burgesyang katulad mo sa hanay namin
Maging mapagbantay upang 'wag sapitin
Ang rebisyunismo, lubos na bakahin!

Iyan ang dahilan bakit lumalakas
Ang rebolusyon ngayo't naglalagablab

Ang tanong kanina na iyong binigkas
Sa 'yo'y ibabalik, ikaw ang sumukat

Kung tunay ngang bigo ang aming paroon
Bakit kaya limampu at limang taon
Na nga'y hindi niyo pa madurog ang layon?
Higit pa'ng paglawak nitong rebolusyon!

Ngayon tahimik ka, napipi na ba ga?
Naubusan ka na marahil ng bala.
Hindi ba inabot ng iyong unawa
Na tagumpay ay tiyak dahil ito'y tama?

Iwawasto ko lang ang 'yong argumento
Ang 'yong turan na talo ang sosyalismo
Ang tunay na bumagsak, Ginoong Bruto
Walang iba: Modernong rebisyunismo!

Lakandiwa:
Katwirang ginamit dito sa pangalawa
Tagal at panahon sa digma't pagkontra
Sa tagapanood, lumilinaw na ba
Sinong magwawagi sa pagitan nila?

Brutong Burgesya:
Hindi pa 'ko tapos sa 'king kontra-punto
Di ka magwawagi, iya'y sigurado
Kapangyarihan namin sa buong mundo
Ipapataw pilit ng imperyalismo

Aming gubyerno, inyong maaasahan
Kami ang bahala sa 'ting likas-yaman
Imprastraktura at mina ng dayuhan
Tiyak ang pag-unlad, sa 'ming mga kamay

Ano bang alam n'yo sa pamamahala?
Bakit marami pa'ng sa 'nyo'y sumasama?

Hatid naman namin proyektong magara
Negosyo’t programa, paglaki ng pera!

Maryang Manggagawa:
Ang aming pagsulong, kung pinagtatakhan
Ay, masasabi kong ikaw nga ay mangmang
Sa sarili mo nga’y wala kang pag-alam
Hindi rin kilala ang iyong kaaway

Negosyo, programa, proyektong magara
Magsisilbi lamang sa inyong ganansya
Ang agwat sa yaman, lalong lumulubha
Di kami palilinlang sa ‘yong winika!

Gubyerno n’yo’y bulok sa kaibuturan
Sa US naglingkod, papet ng dayuhan
Sa pera’y luhod, winasak kalikasan
Walang tinira para sa mamamayan

Hangga’t nanatili ang malakolonyal
At malapyudal na tipo ng lipunan
Pagsasamantala hangga’t naririyan
Mataba’ng lupa para sa digmang bayan

Hangga’t lumulukob sa bansa ang krisis
Hangga’t tatlong salot dito nananaig
Hangga’t ang masa’y nagdarahop, hapis
Rebolusyo’y di mauudlot ni saglit

Lakandiwa:
Ekonomya at pulitikang larangan
Nilatag na, obhetibong kalagayan
Sa pagitan nila, sinong nangibabaw
Huling bugso ng laban, ating tunghayan

Brutong Burgesya:
Sa dahas namin, pwes, masisindak kayo
Tabingan ng gyera kontra-terorismo

Itong gyera kontra rebolusyonaryo
Ipatupad, terorismo ng estado
Ang lahat ng komunidad ay bombahin
Mga tagasuporta, lahat arestuhin
Sa lunsod, mag-*crackdown*, ibayong magsupil
Mambugbog, pumaslang, ang takot, itanim

Babaran ng operasyon bawat baryo
Ilunsad FMO, at RCSPO
Marami ang malilinlang, maloloko
Sa hanay nyo'y maraming mapasusuko

Papaliit na nga ang inyong kilusan
Maraming umalis, marami nang ayaw
Ngayon kasama na sa panghahalihaw
Sila'ng naggigiya sa mga militar

Di ba't daan-daan na'ng napabaliktad
Nagbalik-loob at nagbago ng bukas?
Sa ganito ba n'yo pilit ilalahad
Na ari'ng tagumpay, na kayo'y lumakas?

Maryang Manggagawa:
Ang syang imposible ay inyong pangarap
Na ang rebolusyon sa bansa'y magwakas.
Ang bawat oplan na inyong inilunsad
Hinatulan naming nangabigo lahat!

'Wag nang itanong pa ang salitang bakit
Daan-libong sagot masa'ng maghahatid
Bumagsak lang rehimeng nagpalit-palit
Pero digmang bayan, hindi mapapatid

Ang mga sumukong 'yong 'pinamarali
Kung di man napilit, ang iba'y pineke
Minahikang datos sa gayo'y lumaki
Ang niyayabang, sa inyo'y kumandili

Totoong mayr'on ngang latak sa kilusan
Sasandakot na pumanig sa kaaway
Tuso at duwag, sa salapi'y nasilaw
Ipinagkanulo, interes ng bayan

Gayunma'y higit na marami ang tunay
Na binhing kadreng matatag at mahusay
Silang nakapunla, sa digma'y napanday
Sila nagpunyaging lumawak ang hanay

Nag-aral, naglagom, kinatas ang wasto
Tangan, Marxismo-Leninismo-Maoismo
Nag-alam, nagsuri, panig sa totoo
Nagpuna sa sarili't nagpanibago

Hawak ang demokratikong sentralismo
Gumagampan bawat rebolusyonaryo
Kolektibong gumagawa't namumuno
Higpit ng pagkakaisa'y nag-ibayo

Hindi maiiga ang pwersa ng digma
Paparami kami, haya't laksa-laksa
Lulunurin kayo ng tapang ng diwa
Hanggang sa anurin bangkay n'yong maysala!

Lakandiwa:
Panahon na upang ilabas ang husga
Ang tagapanood mamili sa kan'la
Sinong makatwiran, at sino ang tama?
Sino ang mali sa kanyang haka-haka?

At ang pinanigan nitong sambayanan
Maryang Manggagawa, ikaw ang tagumpay
Pinatunayan mo yaring katumpakan
Na di magagapi ating digmang bayan

At sa kabilang panig, Brutong Burgesya
Sa maling pananaw, walang naniwala
Hindi sila ayon sa 'yong panukala
Kalaban ng bayan, kaaway ng masa!

Dapat kang iharap sa hukumang bayan
Litisin ng madla, marapat hatulan
Managot ka sa bawat mong kasalanan!
Iyong mga krimen, iyong pagbayaran!

Brutong Burgesya:
Hibang na nga kayo, wala sa sarili!
Di ako papayag na kayo'y magwagi!
Mga tauhan ko, lumabas, magdali
Barilin ang lahat, walang ilalabi!

Maryang Manggagawa:
Sa pagkakantanda ko'y sikat na'ng araw
Tila tulog ka pa't nasa panagimpan
Gumising ka na nga sa katotohanan
Na ika'y magagapi ng sambayanan

Bigong lahat, inyong kontra-rebolusyon
Sa basurahan, tiyak maitatapon
Hinuhukay n'yo na ang sariling balon
Di makakaalpas, malilibing doon!

Habang ang digmang baya'y lumalaganap
Katulad ng apoy na naglalagablab
Sa bawat dako't kaparangang malawak
Kasama ang masa sa pagbabalikwas!

Walang pagdududang magwawagi tayo
Hindi magagapi uring proletaryo
Gayundin ang rebolusyong Pilipino
Hahawaning landas tungong sosyalismo!




*watercolor*
Ka Mal



Sa alaala ng mga rebolusyonaryong martir

# Elehiya sa mga dakilang martir ng rebolusyon

NI KA ROSIE

Pinuno. Gabay. Kadre. Mandirigma.
Babae. Lalaki. May piniling kasarian.
Mga taong buong buhay inilaan
alang sa kalayaang asam ng bayan

Tila matatayog na puno sa kagubatan
umugat sa lupa at nakipamuhay sa masa
lumago, yumabong sa mga aral at karanasan
pinanday ng sakripisyo’t kahirapan

Kayong sa ilog ay ang lawak at kalaliman
ng kaban ng mayamang kaalaman
Kayo ring bukal ng karunungang
gabay ng mga bagong sibol na kasamahan

Walang katumbas ang iisang buhay
ninyong sa kalayaan ng bayan inilaan
inyong mga ambag sa’ting kasaysayan
at sa alaala ng baya’y walang kamatayan

Dugong magiting na inyong idinilig
syang magpapayabong sa punlang inihasik
siya ring magpapatibay sa aming tindig
na bumangon, lumaba’t ibayong maghimagsik

Hindi lamang parangal at pagdakila
ang marapat ialay sa inyong dambana
kundi higit pang paigtingin itong digma
singilin ng dugo digma nilang mapamuksa

Kailangang gapiin berdugong kaaway
sampu ng mga amo nilang mananalakay
kasabay na magpanibagong-lakas, magpalawak
pakilusin ang masang api't patuloy na hinahamak

Ultimong handog namin sa inyong kamatayan,
at lahat ng hirap at sakripisyo nyaring inangbayan
ang tagumpay ng dakilang rebolusyon ng bayan
ihanda at likhain ang sosyalistang pagdatal. *D*

*Aug. 19, 2024*



# Muling babangon at lalaban

NI LEO AMARILLO

Sa pagbagsak ng katawan mo sa lupang inaangkin ng mga gahaman.
Kasabay ng halakhakan ng mga pasistang bayaran.
Matapos ang krimen nilang ginawa.
Ang nagtatanggol pa ang masama.

Nagdadalamhati man kami ngayon sa 'yong pagkabuwal
Nadurog ang puso
at pighati ang nangibabaw.
Pero gaya nga ng sabi mo.
Lahat ng bagay ay nagbabago.
Hindi laging tayo ang iiyak.

Natuyo na ang mga balon ng luha.
Lumipas na ang tag-ulan,
Nakadaan narin ang taglamig.
Panahon na ngayon ng paghihimagsik.

Ang mga nagbabagang luhang pumatak,
Sisiklab sa mga natuyong parang ng katarungan.
Hahawanin ang landas patungo sa sosyalistang lipunan.

At sa muling pagsikat ng araw.
Galit ng mga api ang mangingibabaw.
Kamtin ang hustisya't katarungan!
Mananagot ang may kasalanan.

Sa dugo at luhang nadilig mo sa lupa.
Muling lalago at yayabong ang digma!
Makakamit ang tunay na paglaya!

*Agosto 2024*

# Katuparan at kaganapan

NI KA ROSIE

Ilokanong gwapo—nangarap maging sundalo
sinong mag-aakalang ang kabayan ni Macoy
kalauna'y mahahanap ang sarili palayo
sa sistemang mapang-api ng mga palalo

Sa taas at tindig mo'y pasadong-pasado
pero ang layon ng AFP naging kulelat sa'yo
pagkat ang nais mo'y mas matayog pa sa iyo
kalayaan, demokrasya't itatag sosyalismo

Kayumanggi mong kulay naging simbolo
ng tunay na paglilingkod at patriyotismo
at nakipagkaisa ka sa iba pang uri
dinama at pinasan kanila ring pasakit

Propagandista, ahitador, mandirigma sa kultura
husay mo'y 'di ipinagkait, ipinamalas sa madla
pinaglingkod sa pagmumulat at pag-oorganisa
hanggang sa mapakilos nito ang masa

Sinlakas ng boses mo ang 'yong mga obra
na tumatagos sa puso at diwa ng masa
na nagtataas ng kanilang enerhiya
at sumusugat sa dila ng mga pasista

Ngunit di ka nasapatan sa hawak na pluma
paglaban sa kaaway iyo ring inasinta
'pagkat talos mong hindi mapupuksa
sa reporma lamang ang pagdaralita

Hindi ka naghangad ng anumang kapalit
sapat nang mailaan tapang mo't galing

palagi mong sabing masaya ka nang marating
ang gulang na 30 na malakas at magiting

Isang dekadang singkad ang 'yong inilaan
sa masang sinisinta dito sa kanayunan
'di mo inalintana ang mga kahirapan
matatag na hinarap ang lahat ng 'yong laban

Hanggang sa narating mo ang kaganapan
ng 'yong lubusang paglilingkod sa sambayanan
hanggang sa huli iyong pinatunayan
ang katapatan mo sa Partido at iyong nasimulan

Dakila kang kasama, higit sa kaibigan
para sa akin, at sa lahat nang 'yong nilisan
saludo kami sa'yong katapatan
at walang pag-iimbot na pag-aalay ng buhay

Tangan pa rin namin ang pluma at baril
kaya't 'wag mag-alala't hindi matitigil
ni mapipigil ng aming paghihinagpis
ang poot at galit sa kaaway na kumitil

Hindi man namin abutin ang dulo
sa ibabaw ng 'yong puntod kami'y muling nangangako
na tayo'y muling magpapasigabo
at magpapaliyab ng sulo sa lahat ng dako.

*- Nov. 16*
*para kay Ka Pascual (Jethro Isaac Ferrer), isang kaibigan at kasama na pinaslang ng mga berdugong militar noong Nobyembre 13, 2023 sa isla ng Mindoro.*

# Babaeng katutubo

NI KA ANEL

Babaeng katutubo,
Mahiyain ngunit masayahin
Masipag, malakas
mahusay, maliksi
at handa laging
mag-ambag ng kakayahang natatangi.

Babaeng katutubo,
Matatag, matapang
may sariling pasya't paninindigan

Hindi naging hadlang
ang iyong paglisan
Mula sa mga mahal mo sa buhay
Upang tahakin
ang ating rebolusyonaryong paglalakbay

Tinanganan mo ang armas
nang walang pag-aalinlangan
Upang ipagtanggol
ang lupang ninunong ating kinagisnan
Matatag kang nakibaka at lumaban
Sa kabila ng pananalasa
Ng mga pasista at dayuhan!

Mulat mong hinarap,
mga sakripisyo't kahirapan
At kahit ang kaisa-isang buhay,
Ay iyo ring inialay

Ginto at mananatili kang buhay
sa aming mga alaala

Inspirasyon ka
sa mga katutubong nagpapatuloy sa pakikibaka
Mahigpit naming hahawakan
Ang nabitawan mong sandata!

Ka Analyn, mabuhay ka!
Mabuhay ang iyong mga alaala,
Aking ate at Kasama!

*Alay kay Irene "Ka Analyn" Yam-ay, isang babaeng Mangyan-Buhid na namartir sa isang labanan sa Sityo Sorong, Brgy. Aguas, Rizal, Occidental Mindoro noong Disyembre 14, 2020.*




WOMAN WARRIOR
*colored pen*
RA Santiago

# Kasamang Ron*

NI KA PINSEL

Isang anak, kapatid, ina, kaibigan at kasama
Masayahin, madaldal, buhalhal kung makatawa
Iyan si Kasamang Ron
Siya ang isang kasama na hindi ka mag-aalangang kausapin
Siya ang kasama na, mapapasaya ka kahit sa gitna ng hirap ng pagmamaniobra
Hindi ka malulungkot kapag kasama siya
Hindi ka malulungkot kahit hindi mo kasama ang iyong sinta
Dahil sa pagtawa niya pa lang talagang madadalà ka

Alam nyo yung kahit kakakilala mo pa lang sa kanya, parang matagal na kayong nagkasama?
Kaytagal na nating hindi nagkita, kasama
Masakit sa loob ang huling balita ko ay wala ka na
Ang sakit sa dibdib na mawalan ng kaibigan at kasama
Ang sakit sa dibdib na kahit kailan hindi na kita makikita
Isang kasama na bahagi na ng aking buhay sa pagsusulong ng digmang bayan

Huwag kang mag-alala, sa iyong pagpanaw magpapatuloy ang iyong nasimulan
Maraming tatangan sa sandatang iyong nabitawan
Maraming Ina ang yayakap sa iyong mumunting paslit na naiwan
Marami kaming Ina na babalik sa iyong anak na saglit mo lang na nakasama para sa masang api at pinagsasamantalahan

Ipapadama namin sa kanya ang pagmamahal na ibinigay mo sa masang iyong pinaglingkuran
Ipapaalala namin sa kanya na ang kanyang Nanay ay isang Ina ng bayan
Isang Ina na layunin ay maaliwalas na bukas para sa maraming anak ng bayan

Isang Ina na tinahak ang landas ng armadong pakikibaka para
makamit ang tunay na kalayaan
Isang Ina na tumugon sa tawag ng rebolusyonaryong paninindigan
Ina na isinakripisyo ang sariling kapakanan para sa sambayanan

*Jan. 21, 2024*
**Si Ron ay si Ma. Jetruth Julongbayan, kabilang sa Malalay 8, namartir noong Disyembre 17, 2023.*

# Ka Honda*

NI KA ROSIE

Para kanino? Para saan?
ang buhay mong mahal ay kanino nga ba nakalaan?
para sa sarili? para sa pamilya mong mahal?
sagot mo'y hindi, hindi kanila lamang

matapang na Pulang kumander
huwarang pinuno
mapagmahal na kasama
masipag at masikhay sa paggawa

mapagkumbaba at magiliw sa masa
walang tanggi sa atas
mapangahas na mandirigma
mapanlikha't maparaan

butihing ama, asawa't kapatid
huwarang kababata, kabalaybay-bunga
di-makasarili ni humihingi ng kapalit
buhay na maalwan mo'y matapang tinalikdan

hindi matatapos ang aming pagdakila
hindi mauubos ang mga papuri't pasalamat
sayo, sa kanya, sa kanila, sa inyong lahat
at sa buhay ninyong inilaan
para kamtin ang kalayaang malaon nang asam.

*July 29, 2024*
**Si Ka Honda ay si Wally Agudez, namartir noong Hulyo 26, 2024 sa Brgy. Burgos, Rodriguez, Rizal.*

# Ipapakilala kita, Ka Mamay

NI KA PLENI

Hindi kita personal na kilala
Ngunit nakilala kita sa mga salita at elehiya
Na iminumutawi ng mga kasama at masa.
At sa ganito rin kita ipapakilala sa iba:

Ikaw ang Mangyan na nag-alay ng panahon
Ikaw ang tanda ng kababaihang nagbabangon
Ikaw ang putok na bumabasag sa katahimikan
At punglong sa mga pasista'y pumapaslang

Patuloy na aawitin ng base mong pinagmulan
Ang kwento ng iyong buhay at paglaban.
Sa bawat pagtitipon, ambahan at pasangay
Sa bawat puso at isip ng Kabuhiran

Ipagmamalaki ng iyong pamilya,
Ng kapwa mo bayi[1] at bawat mga bapa[2]
Ang pinakamataas na antas ng pag-ambag mo sa pakikibaka.

Ikaw man ang isa sa mga nalagas na dahon
Mababaon sa pusod ng lupa ng rebolusyon
Magsisilbi kang pataba para sa ibayong pagsulong
Upang lumago at tumatag ang mga puno't bagong sibol
Na aanihin ng mga susunod na henerasyon

Hindi man kita nakasama sa kahit na anong paggaod
Naisalin sa akin ang diwa mo ng paglilingkod
Nakaukit na sa aming mga puso ang iyong puntod
At ang pangalan mo'y nakatala na sa mga bantayog.

Rebolusyonaryong bayani ka, Ka Mamay
At sa isang umaga ng iyong pagkamatay

Ito ang naghudyat ng iyong pagiging imortal
Ipagpapatuloy ng iyong mga iniwan
Ang pakikibakang iyong tinanganan
Hanggang sa pagputok ng pulang bukang-liwayway

Tumatangis ang langit sa araw ng iyong pagkasawi
Sa maulang araw na iyon, nagluluksa ang mga api
Ngunit ang mga patak ng luha ng bayan ay hindi masasayang
Luha itong magpapaibayo sa ating digmang bayan!

Habambuhay ka naming pararangalan
Sa aming mga himig, tula at sigaw ng paglaban.
Ang dugo mong dumilig sa mga palay sa tubigan
Ang magpapayabong sa paghihimagsik ng mga magsasakang pinagsasamantalahan.

Ang taglay mong rebolusyonaryong katapangan
Ang inspirasyon sa amin upang lalong higpitan
Ang kuyom ng mga kamao at hawak sa armas.
Kaming mga niyayapos ng iyong diwang pangahas
Ang buong-loob na magpapatuloy ng pagbigwas
Lilipulin ang kaaway, estado'y ibabagsak
Magtatagumpay ang rebolusyon sa tiyak na bukas!

Hindi dahilan kung hindi man kita nakapiling at nakasama
Upang ibandila ang iyong buhay at pagkadakila
Pinupuspos kami ng walang-kamatayan mong proletaryong diwa
Ipapakilala ka sa kagitingan mong nakadambana! D

*Alay kay Nancy Looy Yaw-an, isang babaeng Mangyan-Buhid na namartir sa isang labanan sa Sityo Pasugui, Brgy. Malisbong, Sablayan, Occidental Mindoro noong Mayo 30, 2023.*

———————
*1 bayi - babaeng may edad o may asawa sa salitang Mangyan*
*2 bapa - lalaking may edad o may asawa sa salitang Mangyan*



# Awit

# Paglaban, paglaya

ARMAS-TK

```
I.
Am                 G
Dilim, sumasaklot sa bayan
       Am                G                              Am
Digmaan, kanyang laro, buhay ang kabayaran
           G                        F
Karahasan, krimen, henosidyo
                      G
Walang katapusan

II.
           Am     G                              Am
Anakpawis, sila'y walang awang ginagahis
          G                            Am
Sinusupil ngunit 'di madadaig
           G                          F
Karapatan, paglaya, hustisya
                          G
Sa huli'y makakamit

Koro:
C G     Am   G   (D A Bm A)
Laya! Paglaya
     Am       G             F   (Bm A G)
Mula sa kuko ng imperyalismo
       Am            G          F   (Bm A G)
Ititindig ang muog ng sosyalismo
C  G       Am     G   (D A Bm A)
Laban! Paglaban
          Am      G             F   (Bm A G)
Tanikalang iginapos, higit 'sang siglo
        Am        G             F   (Bm A G)
Makauring dahas ang tanging lalagot
```

*(Same chords with I)*
Hungkag, tigreng papel ang kanyang reaksyon
Mersenaryo, kanyang tradisyon
Wasakin, durugin, biguin
Estadong mapaniil

*(Ulitin ang koro)*

    *Bm*      *A*                          *Bm*
Ngayon, walang ibang panahon kundi ngayon
          *A*                *Bm*
'Wag sayangin ang pagkakataon
      *A*                      *G*
Mag-aklas, mag-armas, magpalakas
              *A*
Mga salot, ibagsak!

*(Ulitin ang koro)*

     *D*
Bayan ko!

# Rebolusyon ay isulong

KA GAB | ARMAS-TK

*A cappella:*
Ohhh ohhh ohhh ohh ohh oh
Ohhh ohhh ohhh ohh ohh oh ohh ohhh oh (2x)

**Guitar single strum**

```
              G
Rebolusyon ay isulong
               D                             G
Himagsika'y dumadagundong
                      D                           G
Sigaw ng baya'y bigyang tugon
```

**Insert percussions**
**Guitar full strum**

*G-D-G-D*

*Koro 1:*

```
                G
Rebolusyon ay isulong
                D                             G
Himagsika'y dumadagundong
                       D                          G
Sigaw ng baya'y bigyang tugon
                                          D                 G
Mga uring inaapi, magkaisa't lumaban

Naghaharing gahaman
D                                         G
Ibabagsak ng buong bayan
```

*I.*
*Em D C*
Nasa'n ka na? Nasa'n ka na?
*Em-D C*
Masang api, tumindig ka
*Em-D C*
Panahon na, panahon na
*Em D C*
Hawakan ang sandata
*Em D*
Mga punglo'y pagliyabin
*C*
Tugunan ang panawagan!

*(Ulitin ang koro)*

*II. (Same chords with I)*
Tayo ang mapagpasya
Sa ganap na pagpapalaya
Kabataan, magsasaka
Uring manggagawa
Ngayon na ang panahon
Halina tumugon!

**One fret higher**
**Guitar single strum**
**Percussions adlib**

*A E*
Ohhh ohhh ohhh ohh ohh oh
*A E*
Ohhh ohhh ohhh ohh ohh oh ohh ohhh oh (2x)

*Koro 2:*
*A*
Rebolusyo’y sumusulong

*E* *A*
Himagsika’y dumadagundong
*E* *A*
Buong sambayana’y tumutugon
*E* *A*
Sama-samang magmartsa, lahat ay pasulong

Atin ang tagumpay
*E*
Hanggang sa sosyalismo!

*A* *E*
Ohhh ohhh ohhh ohh ohh oh
*A* *E*
Ohhh ohhh ohhh ohh ohh oh ohh ohhh oh (2x)

*A cappella:*
Rebolusyo’y sumusulong
Himagsika’y dumadagundong
Buong sambayana’y tumutugon!


*digital*
Ka Ikang

# Bungkalan

EDUARDO LABRADOR

*Intro: C G C F C G C*

*G*
*I.* Kami ay nagbuo ng isang samahan
*C*
samahan ng magsasaka at nagkakaisa
*F*
kami ay nagplano sa aming programa
*C G C*
para sa kabuhayan, tayo'y magbungkalan

*G*
*II.* Ang lahat ng myembro, ay nasa komite
*G*
ng aming gagawin, lupang bubungkalin
*F*
lahat ay aktibo, mga pursigido
*C G C*
pagkain, iba pa ambagan ang myembro

*G*
*III.* Mga kaalaman, ibang pamamaraan
*C*
kami ay nagtitipon, upang pag-aralan
*F*
mga imposible, at mga mangyayari
*C G C*
aming pinag-isipan, bago ang bungkalan

*Koro:*
*G*
Nagbungkalan, kami’y nagbungkalan
*C*
sa pangunguna ng pamunuan
*F*
lolo at mga lola, nanay at mga tatay
*C G C*
binata at dalaga, bata sama-sama

*G*
*IV.* Ano ang resulta, naku anong saya
*C*
ang lupang tiwangwang, ito ay hinawan
*F*
sa gilid ng haywey, itinayo ang bandera
*C G*
ang kulay ay pula, laban ng magsasaka

*G*
*V.* Nagtayo ng kubol sa gilid ng kalsada
*C*
at nilagyan ng boom, papasok ay kontrol
*F*
sa araw at gabi ay may sekyuriti
*C G C*
palitan ang miyembro, ito ang sakripisyo

*G*
*VI.* Nagkampo ang pulis at mga sundalo
*C*
at pinaputukan, itong nagbungkalan
*C*
ngunit hindi natakot ,lupa dinistribyut
*G C*
kaya may taniman, kaming nagbungkalan

*(Ulitin ang koro at IV)*

# Tayo ang Bagong Hukbong Bayan

KA JO

*A*
Sa ating paglalakbay
*D*
Lagi nating tatandaan
*A*
Na ang bawat hakbang
*D*
Ay sa masa nakalaan

*Dm*
Anuman ang maging hamon
*F*
Sa ating pagsulong
*Dm*
Ating lalampasan
*F*
Para sa kalayaan

*A*
Hagupitin man ng bagyo
*D*
At mga sakripisyo
*A*
Tayo ay hahakbang
*D*
Nang hahakbang, nang hahakbang

*Dm*
Hindi maghihintay
*F*
Ang tagumpay

*Dm*
Ito'y ating niyayari at
*F*
pinapanday

*Koro:*
*A*
Dahil tayo
*D*
Ang bagong hukbong bayan!
*A D*
Armas ng api't niyuyurakan
*Dm*
At ang ating lakas
*F*
Ay ang sama-samang pagbigwas
Sa mga kaaway ng sosyalistang bukas

Ang ating tungkulin
Ay ang pagbuklurin
Lahat ng mga uring
Ipinailalim

Sa kahirapa't gutom ng pamahalaan
Na ang pinagsisilbihan
Ay mga dayuhan

Tipunin ang lakas ng masang pumipiglaas
Ito ang tanging susi sa ating pag-aaklas
Anuman ang maging harang
Sa ating paglaban
Tayo ay hahakbang, nang hahakbang, nang hahakbang

Dahil tayo
Ang bagong hukbong bayan!
Armas ng api't niyuyurakan
Ang ating lakas
Ay ang sama-samang pagbigwas
Sa mga kaaway ng sosyalistang bukas



MALIGAYANG PAGDATING!
*ink*
RA Santiago



# LIHAM

*Mga kasama,*

*Mainit na pagbati!*

*Kamusta na kayo? Sana ay lagi kayong ligtas, malayo sa anumang kapahamakan at walang iniindang karamdaman. Hangad ko na nasa mabuti kayong kalagayan. Di ko man personal na kakilala ang iba ay alam kong iisa naman ang ating layunin at ipinaglalaban.*

*Ninais kong sumulat upang makapagbigay din ng ilang mensahe na sana ay makatulong sa inyo. Alam kong mahirap ang gawain na nakaatang sa inyo ngayon, lalo pa't sunud-sunod ang mga pangyayari at kaganapan sa ating mga kasama. Ang masakit pa lalo kung may nahuhuli, nakukulong, o kaya naman ay napapatay. Sadyang bahagi na ito ng ating buhay na kelangan nating tanggapin at buong tapang na harapin. Aasahan pa natin na sa mga susunod pang panahon ay lalo pa itong madaragdagan dahil naghahangad ang ating mga kaaway na tayo ay mapigilan, maabot ang kanilang ibinibigay na taning (deadline) para lang supilin ang mamamayang lumalaban na ang layunin lang ay ang tunay na kalayaan at kasaganahan.*

*Masakit para sa atin na mabalitaan sa ating mga kasama na may nahuhuli, nakukulong, at napapatay. Lalo na kung ito ay malalapit sa atin, kaibigan, kamag anak o karelasyon. Pero kailangan natin itong tanggapin, masakit man para sa 'ting lahat ay dapat wag tayong panghinaan ng loob. Bagkus ay muli tayong sumulong at maging matatag. Ito ang sinasabi ng mga kasama, na hirap at sakripisyo talaga ang ating mararanasan. Hindi matuwid ang daan sa ating pinapangarap na lipunan. Ito ay pasikot-sikot at liku-lliko. Maraming pagsubok na daraanan bago natin marating ang ating hinahangad na tagumpay. Kaya sikapin natin na maging matatag sa anumang hamon sa ating buhay pakikibaka. Wag nating kalilimutan ang mag-aral nang mag-aral upang mas lalo pa nating maunawaan ang mga bagay-bagay sa ating lipunan. Ika ng mga kasama ay "walang sawa" na mag-aral habang bata pa at kahit tayo ay matatanda*

*na. Tiyak naman na sa susunod na panahon ay kayo na ang mangunguna at mamumuno sa ating mga gawain.*

*Ang inyong mga praktika ang magsasanay at papanday sa inyong mga sarili. Matututo tayo sa ating mga karanasan at magbibigay sa atin ng pagkakataon upang mas lalo pang maging mahusay. Wag nating kalilimutan ang mga aral ng mga nakaraan para maging gabay natin sa araw araw nating pagkilos. Pandayin natin ang ating kaisipan sa mga pag-aaral, paglahok sa mga pagkilos at paggampan sa ating mga gawain. Isadiwa ang pagkakaisa, sama-samang pagkilos, pagtutulungan, pagpapakumbaba, pagmamahalan bilang mga kasama. Wag tayong matakot na magkamali dahil ito ang magtuturo sa atin ng tama at kawastuhan sa ating mga praktika. Pasiglahin pa ang mga tunggalian pang-ideolohiya upang bumulwak ang mas mauunlad nating ideya. Ayon kay Mao, "let a hundred flowers bloom, and a thousand thoughts contend". Wag lang gawing personal ang mga tunggalian upang hindi ito makasira sa ating pagkakaisa.*

*Pasensya na mga kasama kung ganito man ang aking sulat sa inyo. Ang nais ko lang ay makapagbahagi ng aking naiisip at nararamdaman, kasi mahalaga kayo sa amin dahil kayo ang nagbibigay sa amin ng lakas at pag-asa. Kayo ang nagbibigay ng ngiti at liwanag sa madilim naming mundo. Kaya sana ay wag kayong magsasawang makibaka at wag kayong panghihinaan ng loob anuman ang inyong kinakaharap ngayon.*

*Padayon lang mga kasama, kaya natin ito. Ang laban niyo ay laban din namin. Ang tagumpay niyo ay tagumpay din namin, kaya iisa tayo. Kung panghihinaan kayo, palalakasin namin kayo. Kung kami naman ang manghihina, papalakasin niyo naman kami. Ganun tayo nagsasama-sama at nagtutulungan, higit pa sa pamilya ang ating turingan, ganyan tayo pinagsama-sama ng ating layuning paglingkuran ang sambayanan.*

*Anuman ang kinakaharap nating hirap ngayon, ay tiyak kong may maaliwalas na bukas para sa atin. Wag lang tayong susuko at panghihinaan. Basta determinado tayo ay magagawa natin ang lahat ng ating pinapangarap. "Determinasyon... determinasyon... determinasyon..." na sinasabi ni Ho Chi Minh. Kaya sila nagtagumpay sa kanilang bansa. Ito ang dapat na taglayin natin para makamit din natin ang pinapangarap nating tagumpay.*

*Hanggang dito nalang muna mga kasama, sinikap ko lang makapagsulat habang may pagkakataon. Kita kita nalang tayo kung sakali. Ingat palagi!!*

*Para sa bayan,*
*S*

*Mga kasama,*

*How do you say goodbye to kasamas at the end of a TOD? With a friend, it's "see you later," whether it be days, weeks, or months, you know it likely will happen. With a stranger you meet on the bus, it's "take care," your routes diverging, memories fading after a week at most, but the conversation made the commute a bit less boring. But with you, mga kasama, we have a basis of unity stronger than any friendship, and in reality, I'm not guaranteed to see many of you in person again. How do I say goodbye to you all?*

*The dialectical materialist theory of knowledge tells us that theory and practice are inextricably linked: our perceptual knowledge leads to abstraction, we develop theories that we test through practice, the lessons from which we use to further develop our theories to a higher level, and on, and on, and on. Theory and practice were found everywhere this TOD. We held a military conference to learn how to be not just a member but a leader of a military unit, and to tackle conservatism, empiricism in the BHB through the Third Recti. We learned about the conditions in Bulalacao which allowed us to relate to the masa we work with; and we learned about military regulations and principles in the BHB which allowed us to better relate to each other. We learned routines for physical fitness, and watched as the NPA dozen, floor exercises and rifle leg stretches got (somewhat) easier with each passing day. We learned how to use arms and military formations, which were put to the test in our war games. We learned how to make truly mass-oriented prop, that both reflects and responds to the conditions of the masses (and that statements need titles). We saw how liberalism manifests within the Hukbo, from not waking up on time, to slacking on tasks, to poor security practices, to not asking for help when your body, and mind, needs it. And we saw the absolute necessity of the masses in waging our struggle, without whom we would be hungry, vulnerable, and directionless.*

*All of these lessons and more will lead to a higher form of practice back home. From my mass work, to alliance building, to prop*

*development, to criticism and self-criticism, I will carry the theory and practice developed during this TOD with me, and thus, all of you with me too.*

*So we can say goodbye, see you later, take care. But as I depart to advance the program of the CPP and the PDR, wherever I may go, I know you will all be there with me. As you wage the highest form of struggle here in the home front, I hope you keep me with you too.*

*Padayon!*

*Ka Pipino*

*(Malayang salin sa wikang Filipino)*

*Mga kasama,*

*Paano ba magpaalam sa mga kasama sa pagtatapos ng isang TOD? Sa isang kaibigan, magsabing "kita na lang ulit", abutin man ng ilang araw, linggo o buwan, alam mong malamang na mangyari 'yun. Sa isang estrangherong nakilala sa bus, "mag-ingat ka," sa paghihiwalay ng inyong landas, kukupas ang mga alaala sa pinakamatagal nang isang linggo, ngunit binawasan kahit kaunti ng inyong usapan ang pagkabagot sa biyahe. Ngunit sa inyo, mga kasama, mayroon tayong batayan ng pagkakaisa na mas malakas kaysa alinmang pagkakaibigan, at sa realidad, wala akong garantiya na muli kong makikita ang karamihan sa inyo. Paano ako magpapaalam sa inyong lahat?*

*Sinasabi sa 'tin ng materyalismong diyalektikong teorya ng kaalaman na ang teorya at praktika ay mahigpit na magkaugnay: tutungo ang kaalamang perseptwal sa abstraksyon, magpapaunlad tayo ng mga teoryang susubukin natin sa praktika, ang mga aral mula rito'y gagamitin natin upang higit na paunlarin ang ating mga teorya sa isang mas mataas na antas, walang tigil.*

*Teorya at praktika ang natuklasan sa lahat ng dako sa TOD na ito. Nagdaos tayo ng kumperensyang militar upang matutunan kung paano maging hindi lamang kasapi, ngunit lider ng isang yunit militar at bakahin ang konserbatismo, empirisismo sa BHB sa pamamagitan ng Ikatlong Pagwawasto. Nag-aral tayo tungkol sa kalagayan ng Kawayan, na nagpahintulot sa ating makipagkaisa sa masang kasama natin sa gawain; at natuto tayo hinggil sa mga regulasyong militar at prinsipyo sa loob ng BHB, na nakatulong sa atin upang mas mahusay na makipag-ugnayan sa isa't isa. Natutunan natin ang mga pagsasanay para sa pisikal na kalakasan, at nasaksihan kung paanong naging (medyo) mas madali ang NPA dozen, mga floor exercise at pagbabanat ng hita gamit ang riple sa bawat araw na*

*lumilipas. Natutunan natin kung paano gumamit ng sandata at mga pormasyong militar, na sinubok sa ating mga kunwaring labanan.*

*Natuto tayong gumawa ng tunay na maka-masang propaganda na kapwa sumasalamin at tumutugon sa kundisyon ng masa (at na kailangan ng mga pahayag ng pamagat). Nakita natin kung paano lumilitaw ang liberalismo sa loob ng Hukbo, mula sa hindi pagbangon sa tamang oras, pagpapabaya sa mga gawain, mga mahinang praktika sa seguridad, hanggang sa hindi paghingi ng tulong kapag kailangan na ito ng iyong katawan at isip. At nakita natin ang absolutong pangangailangan sa masa sa paglulunsad ng ating pakikibaka—kung wala sila, tayo'y magugutom, bulnerable at walang direksyon.*

*Lahat ng mga aral na ito at higit pa ay magbibigay-daan sa mas mataas na anyo ng praktika sa aking pinanggalingan. Mula sa aking gawaing masa, sa pagtatayo ng alyansa, pagpapaunlad ng prop, hanggang sa pagpuna at pagpuna sa sarili, dadalhin ko ang pinayabong na teorya't praktika sa TOD, at sa gayon, magiging kasama ko pa rin kayong lahat.*

*Kaya't pupwede tayong magsabi ng paalam, kita na lang ulit, ingat. Subalit sa aking pag-alis upang tupdin ang programa ng CPP at PDR, saanman ako magpunta, alam kong lahat kayo'y nandoon din kasama ko. Habang isinusulong ninyo ang pinakamataas na anyo ng pakikibaka sa sariling larangan, umaasa akong mananatili rin ako sa inyo.*

*Padayon!*

*Ka Pipino*

*Dear Yayay, Paulo, Tony, Isay, Romeo, Boyet, Peping, Emily, Estoy, Bibet, Sonia, Buboy, Nitoy, Neri, Tatay Domingo at sa lahat ng iba pang kasama sa Kawayan,*

*I am off to a new task in another unit, so I am writing to say goodbye, for now. While I may not see you, please know I am keeping you all with me as I continue our revolutionary struggle. Getting to meet you all was the highlight of my time in Kawayan. YOU are who we fight for. And without you, there would be no revolution. You experience the brunt of class-based oppression. The government scams you out of your land. The AFP, PNP and US military fill your skies with war planes, helicopters, and drones, and your seas with battleships and missiles.*

*Yet you choose to resist. You study revolutionary theory and attend BKP. You organize into people's defence units. You provide life-saving support to the Hukbo: you get us food and water, you keep us secure, you give us a place to sleep.*

*The revolutionary struggle we are a part of inspires people all around the world. There are countless other Pipinos just like me who stand united with us. I will continue to spread your stories to others wherever I may go. I am honored to fight in this people's war alongside you.*

*Makibaka! Huwag matakot!*

*Ka Pipino*

*(Malayang salin sa wikang Filipino)*

***Mahal kong Yayay, Paulo, Tony, Isay, Romeo, Boyet, Peping, Emily, Estoy, Bibet, Sonia, Buboy, Nitoy, Neri, Tatay Domingo at sa lahat ng iba pang kasama sa Kawayan,***

*Paalis na ako para sa bagong gawain sa ibang yunit, kaya sumulat ako para pansamantalang magpaalam. Kahit hindi tayo nagkikita, sana'y mabatid ninyong mananatili kayo sa akin habang ipinagpapatuloy ko ang ating rebolusyonaryong pakikibaka. Matingkad sa buong panahon ko sa Kawayan ang makilala kayong lahat. KAYO ang aming ipinaglalaban. At kung wala kayo, walang rebolusyon. Kayo ang nakararanas ng bagsik ng makauring pang-aapi. Sinusuba kayo ng gubyerno upang mapalayas kayo sa inyong lupa. Pinupuno ng AFP, PNP at militar ng US ang inyong kalangitan ng mga eroplano, helicopter at mga drone, at ang inyong karagatan ng mga barkong pandigma at mga bomba.*

*Ngunit pinipili ninyong lumaban. Pinag-aaralan ninyo ang rebolusyonaryong teorya at dumadalo sa BKP. Nag-oorganisa kayo sa mga yunit pang-depensa ng mamamayan. Nagbibigay kayo ng sagip-buhay na suporta sa Hukbo: ikinukuha ninyo kami ng tubig at pagkain, tinitiyak ninyong ligtas kami, binibigyan ninyo kami ng lugar na matutulugan.*

*Ang rebolusyonaryong pakikibakang inaaniban natin ay nagbibigay inspirasyon sa mga mamamayan sa buong mundo. Hindi mabilang ang iba pang Pipino na tulad kong nakikiisa sa atin. Patuloy kong ipalalaganap sa iba ang inyong mga kwento saanman ako magpunta. Ikinararangal kong lumaban sa digmang bayan na ito kasama kayo.*

*Makibaka! Huwag matakot!*

*Ka Pipino*

# PASASALAMAT

Maraming salamat sa mga Pulang manunulat at artista ng rehiyon na naging bahagi ng paglilimbag ng DAGITAB 2024. Naging makulay at makabuluhan ang taong ito para sa pagbubuo ng ating panrehiyong dyornal.

Pasasalamat kay Marco Valbuena para sa Paunang Salita na kanyang isinulat para sa edisyong ito.

Maraming salamat sa Pulang Bandila–Melito Glor Command Southern Tagalog at mga kuman sa ilalim nito na aktibong nakatalastasan at katrabaho ng patnugutan sa pagpipinal ng mga akda at likhang sining.

Salamat kina Ka Jo, Ka Gab at Eduardo Labrador sa kanilang aktibong pag-aambag sa gerilyang pagbubuo ng mga awit.

Sa mga likha nina Marlon Torres, Teresa Dioquino, Leo Amarillo, V. Sanggangbayan, RA Santiago, Ka Naro, Ka Rosie, Ka Pleni, Ka Ikang, Ka Ellah, Ka Dessa, Ka Mal, Ka Ayesha, Ka Anel, Ka Matter, Ka Pinsel, at iba pa, maraming salamat! D



*PALIMBAGANG PULANG SILANGAN*
Timog Katagalugan
2024